THE FEURian

# Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa

Marvin P. De Borja
Romeo A. Pilongo

Graduate School, FEU Roosevelt, Cainta, Rizal, Philippines

Corresponding author's email: marvin.deborja@deped.gov.ph

## ABSTRACT

Layunin ng pananaliksik na ito na malaman ang bisa ng paggamit ng Peer Mentoring sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang labing-isa ng San Juan City TVL Senior High School sa taong panuruan 2025–2026. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong deskriptibong disenyo ng pananaliksik na may pauna at panghuling pagsusulit (pretest-posttest) na pamamaraan upang masukat ang lebel ng pag-unawa sa pagbasa bago at matapos isagawa ang interbensyong Peer Mentoring. Ang mga naging kalahok ng pag-aaral na ito ay binubuo ng mga piling mag-aaral mula sa Baitang labing-isa ng San Juan City TVL Senior High School na sumailalim sa Peer Mentoring kung saan ang mga mag-aaral na may mataas na pagganap sa akademiko at kahusayan sa pag-unawa sa pagbasa ay nagsilbing gabay sa kanilang mga kamag-aral. Ang nabuong pagsusulit ay ginamit upang mangalap ng datos hinggil sa lebel sa lebel ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, at paired t-test upang malaman ang makabuluhang pagkakaiba ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na may makabuluhang pag-unlad at pagtaas sa lebel ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa baitang labing-isa ng San Juan City TVL Senior High School matapos ang pagsasagawa ng Peer Mentoring. Ipinapakita sa pag-aaral ito na mabisa ang paggamit ng Peer Mentoring sa paglinang at pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa sa asignaturang Filipino. Sa resulta ng pag-aaral, ang estratehiyang Peer Mentoring ay inirerekomenda na gamitin bilang isang alternatibong paraan sa pagtuturo para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral.

**Mga keyword:** *Peer Mentoring, Pag-unawa sa Pagbasa*

## PANIMULA

Ayon sa UNESCO (2020), ang literacy, kabilang ang pagbasa nang may pag-unawa ay hindi limitado lamang tungkol sa simpleng kakayahan sa pagbasa at pagsulat,

kundi isang patuloy at panghabambuhay na proseso ng pagkatuto. Ang pagbasa ay ginagamit bilang isang mahalagang kasangkapan sa pag-unawa, interpretasyon, at epektibong komunikasyon sa makabagong mundo.

Ayon sa UNESCO (2021), nananatiling malaking suliranin sa iba't ibang panig ng mundo ang kakulangan sa kahusayan sa pagbasa, partikular sa mga umuunlad na bansa. Ipinapakita sa kanilang mga ulat na napakaraming kabataan at maging matatanda ang hindi pa rin naaabot ang inaasahang antas ng literasiya, na naglilimita sa kanilang pagkatuto. Dahil dito, mahalagang maisulong ang paggamit ng mga makabagong pamamaraang panturo naglalayong mapataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasang teksto.

Ayon kay Usec. Dr. Gina O. Gonong (2022), sa pagbasa, napapaunlad natin ang kakayahan sa pagbasa, pagsulat, at pagbilang na mahahalagang elemento ng pagkatuto. Ang pagbasa ay nagsisilbi ring instrumento sa paglinang ng mga indibidwal na kakayahan. Sa kasalukuyang panahon ng edukasyon, isa sa mga mahahalagang papel ng kagawaran, ng mga guro at institusyon ay ang mapaunlad at malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa.

Batay sa lumabas na resulta ng PISA (2019), lumabas na mahigit sa walumpung porsyento (80%) ng labing limang taong gulang na mag-aaral sa Pilipinas ay hindi umabot sa minimum na antas ng kasanayan sa pagbasa. May ilang mga mag-aaral na may kakayahang kumilala ng pangunahing ideya at makakuha ng impormasyon mula sa teksto, subalit lumabas na mas maraming mga mag-aaral ang nahihirapan sa pag-unawa sa mga mahahalagang detalye, paksa, at pagbuo ng repleksyon gamit ang tekstong binasa.

Ang DepEd ay naglalayong itaguyod ang "Enhanced Basic Education Curriculum" na kung saan nakatuon din sa pagbasang may pag-unawa, ang mga stratehiya at gawain sa mga paaralan na nakapaloob sa DepEd Order No. 31, s. 2020. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagbigay din ng mga panukala at patnubay tulad ng K to 12 Curriculum Guides na nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Nariyan din ang DepEd Learning Continuity Plan (LCP) na naglalaman ng mga pamamaraan upang mapanatili ang maayos at kalidad na pagtuturo sa gitna ng nararanasang pandemya sa Pilipinas, kabilang na ang pagbibigay-diin sa kasanayan sa pagbasa.

Ayon sa PISA (2022), ang pagbasa ay ang pag-intindi, paglalapat, pagsusuri, at interaksyon sa mga teksto upang makamit ang iba't ibang layunin, mapahusay ang kaalaman at kakayahan, at makapag-ambag sa lipunan.

Ayon sa pag-aaral ni Hendratno et al. (2025), ang pagbasa ay maituturing isang paraan ng pagbuo ng bagong interpretasyon mula sa nakasulat na teksto gamit ang dating kaalaman ng mambabasa, at ang kakayahang ilapat ang bagong pagkaunawa sa buhay.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Ang pagbabasa ay nagsisilbing daan upang ang mga mag-aaral ay malinang ang malalim na pag-iisip, mapabuti ang kanilang kritikal na pag-iisip, at mapanatili ang pagiging bukas sa mga bagong ideya at pananaw. Ang pagbabasa ay may malaking ambag sa pag-unlad ng personal at pang-edukasyon.

Ang pagbasang may pag-unawa ay isang kasanayan ng isang mag-aaral na malaman at mabatid ang kahulugan ng binasa. Ito ay tumutukoy sa kakayahang bumuo ng konklusyon sa binasang impormasyon, lathalain, o teksto. Ang pang-unawa sa pagbasa ay isang kakayahang unawain ang mga salita, pangungusap, at kabuuang mensahe ng isang akda. Ito ay nagsisilbing daan upang magkaroon ng kakayahang bumuo ng sariling interpretasyon at konklusyon batay sa binasa. Ang pag-unawa sa pagbasa ay isang napakahalagang kasanayan upang mapalalim ang pag-unawa at magamit nang tama ang mga impormasyong natanggap mula sa pagbabasa.

Sa kasalukuyang panahon, may mga mag-aaral na nahihirapan sa pag-unawa ng mga akda o teksto, sila ay nahihirapan at hindi lubos na nauunawaan ang mga ideya, nilalaman, at salitang nakapaloob sa tekstong kanilang binabasa. Mahigit isa sa bawat tatlong Pilipino ay hindi ganap na nakakaunawa ng kanilang binabasa, kahit marunong silang bumasa, sumulat, at magbilang (Claire Dennis Mapa 2025). Nanatiling mababa ang functional literacy rate ng Pilipinas sa 70.8% batay sa pinakahuling datos mula sa 2024 Functional Literacy, Education and Mass Media Survey (FLEMMS) ng Philippine Statistics Authority (PSA). Ipinahayag ito ni National Statistician Claire Dennis Mapa sa isang presentasyon sa SEAMEO INNOTECH Center sa Quezon City noong Hulyo 31, 2025. Ang hamong ito ay patuloy na hinaharap at masikap na tinutugunan ng Kagawaran ng Edukasyon at ng mga guro. Layunin ng mga guro sa kanilang pagtuturo na makabuo ng isang mag-aaral na may angkop na kasanayan at kakayahan sa pagbasang may pag-unawa.

**Kaligiran ng Pag-aaral**

Sa panahon ngayon, ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng iba’t ibang suliranin at hamon ng pagkatuto sa kanilang pag-aaral, partikular na ang pag-unawa sa pagbasa. Ang ganitong kasanayan ay kinakailangan para higit na maintindihan ng mga mag-aaral ang bawat aralin sa lahat ng asignatura. Dahil sa kakulangan sa pag-unawa sa pagbasa, ito ay nagiging dahilan ng limitadong pagkatuto sa loob ng paaralan.

Isa sa mga hamon at problemang kinakaharap ng mga mag-aaral at guro sa San Juan City TVL Senior High School ay ang mababang lebel o antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa baitang labing-isa. Batay sa obserbasyon ng mga guro sa asignaturang Filipino, may ilang mga mag-aaral ang nakakakuha ng mababang marka sa pagsusulit dahil sa hindi angkop o mababang lebel o antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga teksto. Ang mga mag-aaral ay marunong magbasa subalit hindi nagkakaroon ng lubos o ganap na pag-unawa sa tekstong kanilang binabasa. Maraming salik ang nakakaapekto sa kakulangan ng intindi sa binabasa ng mga mag-aaral, ito ay maaaring dahilan ng mababang interes sa pagbabasa, kakulangan ng kaalaman sa



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

bokabularyo, hindi sapat o limitadong paggabay mula sa tahanan, kakulangan ng oras ng mga guro upang mapaglaanan ang pangangailangan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa at pag-unawa.

Ang pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral ay isang mahalagang papel at layunin ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang kagawaran at mga guro ay buong sikap na nagtataguyod ng paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa. Ang pag-unawa sa pagbasa ay mabisang pundasyon upang makamit ang epektibong pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral. Gayunpaman marami pa ring mga mag-aaral ang nakakaranas ng suliranin sa pag-intindi sa binabasang teksto at nagiging mas mahirap ang kanilang pag-aaral sa bawat asignatura kabilang na ang Filipino. Sa pag-aaral na ito, layunin na tuklasin ang bisa ng Peer Mentoring bilang isang estratehiya o paraan upang malinang at mapataas ang kasayanan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa na may mababang marka sa Filipino. Bibigyang-diin ang papel ng Peer Mentoring bilang isang epektibong estratehiya o pamamaraan sa paaralan upang matugunan ang kakulangan ng mga mag-aaral sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa. Ito ay maaaring maging solusyon sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pag-unawa ng teksto.

Ang Peer Mentoring ay isang interaktibong ugnayan sa pagitan ng mentor (maaaring guro, mas mataas na mag-aaral, o kapwa mag-aaral) at mentee na layuning itaguyod ang mas malalim na pag-unawa sa mga aralin. Ayon sa "Conceptualizing Mentoring in Higher Education: A Systematic Literature Review (2023)", ang Mentoring ay tumutukoy sa isang relasyong nakatuon sa paghubog ng tao sa kabuuan at kasama na rito ang akademiko, emosyonal na suporta, at personal na pag-unlad.

Sa ganitong pamamaraan, ang isang mag-aaral ay nagkakaroon ng personalisadong tulong o gabay upang mapataas ang kanilang pag-unawa, kasanayan, at tiwala sa sarili sa pagbasa. Sa larangan ng asignaturang Filipino, ang Peer Mentoring ay isang mahalagang hakbang upang malinang ang konteksto ng pag-intindi sa binabasa, sapagkat ito ang nagsisilbing saligan ng kritikal na pag-iisip at akademikong pagganap. Ang Peer Mentoring ay magiging paraan o tugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng Filipino.

## Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik na nakatuon sa Epekto ng Paggamit ng Peer Mentoring sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na may mababang akademikong perpormans sa Filipino sa ikalabing-isa ng baitang ng San Juan City TVL Senior High School. Ang mga impormasyon na nakalap sa pag-aaral ay magbibigay ng linaw at magiging pundasyon para mas mapatibay ang pag-aaral na ito. Sasakupin ng talakayan ang kahulugan ng pagbasa, paglalarawan ng komprehensibong pagbasa, ang kasanayang pag-unawa sa pagbasa, katangian ng teksto, mga hamon sa pagbasa, mga paraan upang mapabuti ang pag-unawa habang nagbabasa, epekto ng Peer Mentoring,



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

at ang mga kaugnay na pananaliksik na nag-aaral tungkol sa paksang ito. Ang bahaging ito ay naglalaman din ng mga natukoy na research gap mula sa naunang pag-aaral na bibigyang kasagutan sa kasalukuyang pag-aaral, ito rin at naglalaman ng teoretikal na balangkas, at konseptwal na balangkas kung saan nakaangkla ang pag-aaral.

## Pagbasa

Ang pagbasa ay isang pamamaraan upang kilalanin, unawain at bigyang kahulugan ang mga salita o simbolo na nakasulat sa isang teksto. Hindi lamang ito tumutukoy sa kakayahang pagtingin o pagbigkas ng mga salita kundi higit sa lahat ay pag-unawa sa kahulugan, ideya, at mensaheng nilalaman ng isang teksto. Sa pagbasa nagaganap ang pagproseso ng impormasyong nakasulat upang magkaroon ng kaalaman at matuto.

Ayon kay Aclinen (2023), ang pagbasa ay isang aktibidad o gawain na kung saan ang nakalimbag na simbolo ay kinikilala, binibigyan ng kahulugan, at sinusuri. Ang ganitong paraan ay mabisa upang mapalawak ang kasanayan sa pag-intindi ng mensahe ng isang teksto at mga salita na may malalim na kahulugan. Ang pagbasa ay isang mahalagang aktibidad o gawain na kung saan ang mambabasa ay nagkakaroon ng pagkakaunawa sa mga nakalimbag na simbolo, tulad ng mga letra, salita, at pangungusap. Sa proseso ng pagbasa nagaganap ang pagbibigay kahulugan, pagsusuri ng mga ideya at pag-unawa sa nilalaman ng teksto at layunin o mensahe ng may-akda. Ang pagbabasa ay nagpapalawak ng pag-iisip na tumutulong sa mambabasa na maunawaan at matutunan ang konteksto at nilalaman ng isang teksto.

Ayon sa Cognizance Journal (2024), ang pagbasa ay isang prosesong pangkaisipan sa pagtuklas ng kahulugan ng bawat simbolo sa isang teksto upang makuha ang mensahe at makabuo ng interpretasyon. Habang nagkakaroon ng ugnayan sa isang teksto, ang pagbasa ay aktibong proseso sa pagbuo ng kahulugan. Sa pamamagitan ng pagbabasa natutuklasan ng isang mambabasa ang kahulugan ng bawat simbolo, salita, at pangungusap sa isang teksto. Sa ganitong pamamaraan, nakikilala at nalalaman ng mambabasa ang nilalaman, mensahe, at impormasyong nais iparating ng may-akda at ito ay nakatutulong upang makabuo ng sariling pag-unawa at interpretasyon sa isang teksto. Ang pagbabasa ay isang paraan ng interaksyon sa teksto na kung saan ang mga unang karanasan at kaalaman ay nakatutulong upang maintindihan ang kabuuang mensahe ng isang babasahin. Sa pamamagitan ng nagaganap na interaksyon sa teksto, ang mambabasa ay nagkakaroon ng pagkakataong lumawak ang kakayahan sa pagsusuri at pag-aanalisa ng mga impormasyong nakapaloob sa isang teksto. Ang pagbasa ay nagiging saligan ng masusing pag-iisip at mas lubos na pagkakaunawa sa mga mensahe ng isang teksto.

Ayon sa DepEd Learning Competency Center (LCC) (2024), ang pagbasa ay isang kompleks na gawaing pangkaisipan na nakatutulong upang makabuo ng kahulugan ng bawat simbolo sa isang teksto. Ang pagbasa ay hindi lamang pagkilala sa mga salita, ito ay nangangailangan ng mga kasanayan sa pag-iisip gaya ng pagsusuri, pag-aanalisa, at



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

pagbibigay interpretasyon upang magkaroon ng malalim na pagkakaunawa sa nilalaman ng isang teksto. Ang pagbasa ay isang pamamaraan upang maiproseso ang mga mensahe o impormasyong nasa likod ng bawat salita o pangungusap. Sa pamamagitan ng pagbabasa nalilinang ang pagkatuto at kritikal na pag-iisip ng isang mambabasa.

**Komprehensibong Pagbasa**

Ang Komprehensibong Pagbasa ay isang uri ng pagbabasa na may malalim na pagkilala, pagsusuri, o pag-unawa sa isang babasahin o teksto. Ito ay naglalayong maunawaan nang lubusan ang binabasang akda o teksto upang magamit ito sa pagsusuri, pagbibigay-kahulugan, at paggawa ng konklusyon.

Ayon sa isang pag-aaral ni Sanggawa (2024), na isinagawa sa mga mag-aaral sa *cluster 5* na nasa ikatlong baitang, tinukoy na ang komprehensibong pagbasa ay ang kakayahang magkaroon ng malalim na pagkakaunawa sa mensahe at nilalaman ng isang teksto kabilang ang paksa, ideya, at mga detalyeng nakapaloob sa isang teksto. Sa pamamagitan ng komprehensibong pagbasa nagkakaroon ng ganap na pag-unawa at pagkatuto sa nilalaman ng kanilang binabasa ang mga mag-aaral. Ang mag-aaral ay hindi lamang nagkakaroon ng simpleng pagkilala sa mga salita kundi nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kabuuang nilalaman at mensahe ng teksto. Ang komprehensibong pagbasa ay ang malalim na pag-unawa sa kabuuang mensahe ng teksto gaya ng pagkilala at pagsusuri ng mga pangunahing ideya, paksa, mahahalagang detalye, at impormasyon na nakapaloob sa teksto. Ang prosesong ito ay nagbibigay daan upang magkaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong iugnay ang bagong kaalaman sa kanilang dating kaalaman at karanasan, at bumuo ng sariling interpretasyon na nagdudulot ng malalim na pag-unawa at pagkatuto. Ang komprehensibong pagbasa ay nakatutulong upang malinang ang kritikal na pag-iisip at kakayahang bumuo ng sariling opinyon batay sa nilalaman ng binasang teksto. Ito ay mahalagang pamamaraan na magagamit sa lahat ng aspeto ng pag-aaral at patuloy na pagkatuto at magkaroon ang mga mag-aaral ng makabuluhang pag-unlad.

Sa isang pag-aaral na isinagawa sa Alaminos City National High School, ang komprehensibong pagbasa ay isang kasanayan na maaaring mapabuti sa tulong ng isang programa o interbensyong naglalayong mapabuti at malinang ang komprehensibong pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya o interbensyon. Ang komprehensibong pagbasa ay isang pamamaraan upang maunawaan ang isang teksto na nakabatay sa masusing interaksyon ng mambabasa sa binabasang materyal. Ang komprehensibong pagbasa ay kinapapalooban ng pag-unawa sa pangunahing paksa o ideya, pagsusuri sa mga mahahalagang impormasyon at detalye, kakayahang magbigay o bumuo ng sariling interpretasyon batay sa binasa. Ang ginawang pag-aaral na ito ng mananaliksik ay may layuning matuklasan ang bisa ng *Peer Mentoring* bilang isang interbensyon sa paglinang ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na makakatulong upang magkaroon ng pagkatuto mula sa nilalaman o binabasang teksto. Mahalaga na ang ganitong interbensyon o programa ay maisakatuparan dahil may mga ilang mag-aaral na



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

nahihirapan sa pag-intindi sa nilalaman ng binabasa kahit marunong silang bumasa. Ang ganitong mga interbensyon ay malaking tulong upang unti-unting mahubog ang kasanayan ng mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-unawa.

**Teksto**

Ang teksto ay lupon ng mga salita, pangungusap, o pahayag na maaaring nagsasalaysay o nagpapaliwanag. Ang teksto ay mahalagang bahagi ng karunungan ng tao na nagsisilbing daluyan ng impormasyon, saloobin, at kaalaman patungo sa ibang tao.

Sinabi sa isang edukasyonal na website (takdangaralin.ph), ang teksto ay tumutukoy sa mga salita sa anumang materyal na babasahin na naglalaman ng mga impormasyon, mensahe, o damdamin na ipinapahayag ng may akda sa paraang pasulat o nakalimbag. Ito ay maaaring sumaklaw sa salita o pahayag na nagpapaliwanag, nagsasalaysay, naglalarawan, o nagbibigay ng taya ng impormasyon.

Ayon kay Atonen (2024), ang teksto ay nagpapakita ng anumang uri ng salita, pangungusap, o pahayag na makikita sa isang babasahin at naglalaman ng mga impormasyon, mensahe, o damdamin ng may-akda. Isinaad dito na ang teksto ay hindi karaniwang daloy ng mga salita o simbolo kundi isang sistematikong paraan ng pagpapahayag ng damdamin at kaisipan ng may-akda.

Ang teksto ay maaaring magkaroon ng iba't ibang layunin batay sa nilalaman. Ang teksto ay nagpaliwanag ng isang konsepto, ideya o kaisipan ng isang may-akda, magbigay ng mahahalagang impormasyon patungkol sa isang paksa o napapanahong isyu na mahalaga at kapaki-pakinabang sa mambabasa, magsalaysay ng mga mahahalagang kaganapan o pangyayari o karanasan at maglarawan ng tao, lugar, o bagay.

Sa kabuuan ang teksto ay isang kasangkapan ng komunikasyon na nag-uugnay sa may-akda at sa mambabasa upang makapagbigay ng kaalaman at minsan ay naglalayong pukawin ang damdamin o interes ng nagbabasa.

Ayon sa pag-aaral ni Macapaz (2023), ang teksto ay tumutukoy sa mga babasahing ginagamit upang linangin ang pag-unawa, kaalaman, at kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang teksto ay nagagamit upang maging daluyan ng mahahalagang impormasyon kung saan naipapahayag ang iba’t ibang ideya, kaisipan, damdamin at karanasan na may malaking kontribusyon sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga teksto napapataas ang mga natutuhan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, paggawa ng interpretasyon, at pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip.

Ayon sa isang pag-aaral sa Visayas State University (2021), inilahad na ang teksto ay nagkakaroon ng kabuluhan sa pamamagitan ng pagbuo ng kahulugan ng mambabasa mula sa mga nakasulat na salita o simbolo. Ipinapaliwanag dito na hindi lamang nakapaloob sa teksto ang kahulugan nito kundi sa kung ano ang nabubuong



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

interpretasyon ng mambabasa sa mga ideya batay sa kanyang dating kaalaman, karanasan, at konteksto.

Ang bawat pagbabasa ay maaaring magbunga ng iba't ibang pag-unawa dahil ang teksto ay isang makabuluhang yunit ng komunikasyon na nagiging epektibo lamang kapag ito ay inuunawa at binibigyang-kahulugan ng mambabasa.

**Mga Hamon sa Pagbasa**

Ang mga mag-aaral ay may mababang kalidad ng pagkatuto dahil sa kakulangan o mababang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa na kung saan hindi nauunawaan nang buong-buo ang mga impormasyon at konteksto na nakapaloob sa mga binabasa nila. Isa sa mga karaniwang hadlang o hamon sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay ang mababang kakayahan sa pag-analisa at pag-interpret ng mas malalalim sa tekstong binabasa.

Ayon kina Delos Santos et al. (2024), ang ilang salik na humahadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral ay ang mababang *study habits* o mga gawi sa pag-aaral, mababang antas ng pag-unawa, at limitadong bokabularyo. Ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsuri, pag-analisa, at pag-ugnay ng impormasyon ay lubos na nakakaapekto sa pagkakaroon ng pag-unawa sa binabasang teksto. Ang mga gawi sa pag-aaral ay napakahalagang aspeto upang maunawaan at maiproseso ang mga impormasyon at nilalaman ng isang teksto. Kung ang mag-aaral ay may maayos at organisadong pag-aaral tulad ng regular na pagbabasa ay nagbubunga ito ng pagkakaroon ng pang-unawa sa mahahalagang ideya o detalye sa isang teksto o babasahin. Nagiging madali ang pag-alala at pag-unawa sa bawat nilalaman at konsepto ng babasahin. Ang kawalan at kakulangan ng epektibong gawi sa pag-aaral ay nagreresulta sa mababang konsentrasyon at kawalan ng sistematikong pagkatuto.

Ayon sa isang pag-aaral nina Edullantes et al. (2024), ilan sa pangunahing sanhi ng kahirapan sa pag-unawa sa pagbabasa ay ang mababang motibasyon at interes. Ang interes at motibasyon ay isa sa pinakamahalagang salik na nakakaapekto sa abilidad ng mga mag-aaral na magawang maintindihan ang binabasa nilang teksto. Kung hindi interesado ang mag-aaral sa paksa o hindi nakikita ang kahalagahan ng pagbabasa, nagdudulot ito ng mabagal o mababaw na pagproseso ng mga impormasyon. Dahil sa kawalan ng motibasyon binabasa lamang ng mag-aaral ang isang teksto nang walang aktibong pagsisikap na unawain o intindihin ang nilalaman nito.

Sinabi ni Domingo S., IJAAS (2025), isa sa matinding problema sa larangan ng pagbabasa ay ang limitadong kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyo ay nagpapabagal sa kanilang pagbabasa at pumipigil sa mas malalim na pag-unawa. Ang bokabularyo ang nagsisilbing pundasyon ng pag-unawa sa anumang tekstong binabasa. Ang limitadong kaalaman sa salita ay nagdudulot ng pagbagal sa daloy ng pagbasa at pag-unawa sa mga ideya o konsepto na nakapaloob sa binabasa. Ang kakulangan sa bokabularyo ang nagiging sanhi ng kawalan ng malalim na pagkakaunawa. Dahil sa



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

kakulangan sa bokabularyo ang mga mag-aaral ay dumadanas ng hirap sa pagtukoy ng paksa o tema ng teksto, makilala ang mga pangunahing ideya, at suriin ang ugnayan ng mga detalye.

Isa sa malubhang suliraning pang-edukasyon sa ating bansa ay may mga mag-aaral ang dumadaan sa matinding pagsubok sa pagkatuto, hindi lamang ito tumutukoy kakulangan sa natutunang kaalaman, kundi sa kawalan ng sapat na kasanayan sa pagbasa nang may pag-unawa na siyang pundasyon sa lahat ng uri ng pagkatuto. Kapag ang isang mag-aaral ay nakararanas ng kahirapan sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa naaapektuhan nito ang pagkatuto mula sa iba't ibang aspeto at asignatura. Batay sa isang artikulo mula sa LB Times (2025), hindi pa nagsisimula ang pandemya, mataas na ang *learning poverty* sa bansa, nasa pitungpung pursyento (70%) ng mga batang Pilipino ang nakararanas ng matinding suliranin at pagsubok sa pag-aaral, at nakapaloob rito ang kawalan nila ng kakayahang bumasa at umunawa.

Ang pag-aaral na ito ay magbibigay daan upang alamin ang bisa ng *Peer Mentoring* sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral upang matugunan ang suliranin sa mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa. Sisikaping alamin kung gaano kaepektibo ang estratehiyang *Peer Mentoring* sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa.

**Paraan upang Mapabuti ang Pag-unawa sa Pagbabasa**

Ang pagkakaroon ng malinaw at maayos na layunin sa pagbabasa ay nakatutulong upang magkaroon ng mas pokus at motibasyon upang alamin at hanapin ang mga mahahalagang impormasyon sa isang teksto. Ito ay nakatutulong upang mapabilis ang proseso ng pag-unawa sa pagbabasa. Ayon kay Meliton et al. (2024), natuklasan na ang mga mag-aaral na may malinaw na layunin sa pagbabasa at gumagamit ng angkop na estratehiya ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng pag-unawa kumpara sa mga walang tiyak na layunin sa pagbasa.

Ayon sa isang pag-aaral nina Aclinen et al. (2023), ang kolaboratibong pagbasa sa tulong ng mga magulang at guro ay nagdulot ng positibong pag-unlad sa kanilang mga kaalaman at kasanayan. Napatunayan na ang estratehiyang kolaboratibong pagbasa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok ng mga magulang at guro ay nagdudulot ng positibong pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa at pag-unawa. Ang kolaboratibong pagbasa ay nagpapataas ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa larangan ng pagpapalawak ng bokabularyo, kakayahang mag-analisa, at kritikal na pag-iisip. Sa tulong ng kasamang gabay at interaksyon, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maintindihan ang mensahe at nilalaman ng isang teksto, madaling natututunan ang kahulugan ng mga malalim at bagong salita, at natututong i-ugnay ang mga impormasyon sa kanilang sarili, karanasan at kaalaman.

Batay sa Kagawaran ng Edukasyon (2024), isinakatuparan ang mga programa tulad ng "Catch-up Fridays" upang malinang at mapabuti ang kasanayan sa pagbabasa



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

ng mga mag-aaral. Ang mga ganitong gawain ay malaking tulong at nagbibigay ng karagdagang oras at suporta para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbabasa. Ang “Catch-up Fridays” ay isang programa ng Kagawaran ng Edukasyon na isinagawa upang lalong mapataas ang kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral, partikular na ang mga nahihirapan sa pag-unawa at mabilis na pagbabasa. Ang “Catch-up Fridays” ay isinasagawa sa espesyal na oras tuwing biyernes upang isagawa ang mga target na aktibidad sa pagbasa. Ang programang ito ay kinapapalooban ng mga interaktibong estratehiya tulad ng *guided reading, group reading sessions, vocabulary drills, at comprehension exercises* na nakatuon sa pagbibigay ng suporta sa mga nahihirapang magbasa.

Ayon sa isang pag-aaral nina Delos Santos et al. (2024), ang paggamit ng mga estratehiya tulad ng *pre-reading activities* at pagpapalawak ng kaalaman sa pamamagitan ng iba’t ibang materyales ay nakatutulong upang mapabuti ang pagbasa ng may pag-unawa ng mga mag-aaral. Isa sa mabisang paraan upang ihanda ang mga mag-aaral bago sila tuluyang magsimula sa pagbabasa ng isang teksto ay ang estratehiyang pre-reading activities, ito ay tumutukoy sa pagsusuri sa pamagat, mga larawan, pagbuo ng prediksyon tungkol sa nilalaman na nakatutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng paunang kaalaman na magsisilbing gabay habang nagbabasa. Ito ay malaking tulong upang mas madali nilang maunawaan ang mga ideya at detalye sa teksto.

Batay kina Taganahan, E. T at Ylanan, J. K. M. (2025), sa isang interbensyon na tinatawag na PROJECT PARES (Peer-Assisted Reading and Education Strategies), ipinakita na nakapagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa ang pagtutulungan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang mga mag-aaral na nagsisilbing tutor o tagapagturo ay natututo rin dahil sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kapwa mag-aaral, na nagpapalakas ng kanilang sariling kasanayan sa pagbasa. Isa sa epektibong pamamaraan upang malinang ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbabasa ay ang peer-assisted learning na kung saan ang mga mag-aaral ay nagbibigay ng gabay at nagtutulungan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ideya, pagtatalakay sa mga nilalaman, tema o paksa ng teksto, at pagsagot sa mga katanungan nang sama-sama. Ang bawat mag-aaral ay nabibigyan ng pagkakataon na ipahayag ang kanilang sariling kaalaman o naintindihan, pakinggan ang pananaw ng iba, at itama ang anumang maling pagkaunawa sa teksto.

Ayon sa DepEd (2022), mas nakatutulong na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga hindi pamilyar na teksto sa pamamagitan ng paggamit ng mga digital na kagamitan tulad ng mga online na diksyunaryo at modyul. Malaki ang naitutulong ng paggamit ng mga digital na kagamitan, tulad ng mga online na diksyunaryo, e-books, interaktibong modyul, at iba pang learning apps upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Ang mga kagandahan ng mga digital na modyul at *interactive resources* ay kadalasang naglalaman ng mga paliwanag, halimbawa, at *visual aids* na mas nakakapukaw ng interes ng mga mag-aaral at mas nagpapalinaw ng konsepto ng isang babasahin.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Sa pag-aaral nina Edullantes et al. (2024), kanilang inirekomenda upang mapalakas ang motibasyon ng mag-aaral sa pagbabasa ang paggamit ng mga estratehiya tulad ng pagbibigay ng mga akdang angkop sa interes ng mga mag-aaral at ang paggamit ng mga interaktibong aktibidad. Ang pagbibigay ng mga akdang angkop sa interes ng mga mag-aaral ay isang epektibong pamamaraan upang mahikayat ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Kapag ang mga teksto o akda ay akma sa personalidad o interes ng mambabasa mas nagiging epektibo para sa kanila ang pag-unawa sa nilalaman at pagproseso ng pagbabasa.

**Peer Mentoring**

Sa pamamaraang *Peer Mentoring*, ang mentor o taga gabay at mag-aaral ay nagkakaroon ng malalim na ugnayan na kung saan ang mag-aaral ay tumatanggap ng gabay o suporta, at mga estratehiya na naaayon sa partikular na pangangailangan.

Maituturing na ang *Peer Mentoring* ay masistemang pamamaraan ng pagkatuto at pag-unlad na kung saan ang tinatawag na Mentor o tagapagturo ay nagtataglay ng mas mataas na lebel ng kaalaman, kasanayan at karanasan. Ang Mentor o tagapagturo ay nagiging gabay, tagapagturo, at kaagapay ng isa o higit pang mas nakababatang kasamahan, na tinatawag na mentee. Sa pamamaraang ito ang mentor ay nagbibigay ng impormasyon o kaalaman, nagbabahagi rin ng mga praktikal na karanasan at personal na payo na makatutulong sa mentee. Ayon sa isang artikulo sa *Science Direct* (2023), ang *Peer Mentoring* ay isang pamamaraan na kung saan ang mga indibidwal na may mataas na antas ng karanasan o kaalaman ay siyang nagiging tagapagturo, gumagabay, at tumutulong sa mga mas nakababatang kasamahan upang mapaunlad ang kanilang mga kasanayan at kaalaman.

Ang ugnayan ng mentor ay hindi lamang magsisilbing gabay o nagbibigay ng anumang kaalaman o teknikal na kasanayan, kundi siya rin ay nagbibigay ng patnubay sa personal na pag-unlad, paggawa ng desisyon, at pagharap sa mga hamon sa akademiko o propesyonal na larangan. Sa *Center for Engaged Learning* (2023), inilarawan na ang *Mentoring* ay isang personal na relasyon na kung saan ang isang mas nakaranasang guro ay nagbibigay ng gabay, nagsisilbing modelo, tagapagturo, at tagasuporta ng isang mas batang guro o mag-aaral. Ang tungkulin ng mentor bilang isang modelo ay mahalaga dahil ang mentee ay natututo at umuunlad sa pamamagitan ng payo, etika sa pagtuturo, at mga epektibong pamamaraan sa pagkatuto.

Samantala, ayon sa *Mentoring*.org (2023), ang *Mentoring* ay isang ugnayan na nagbibigay ng suporta, nagtuturo ng mga kasanayan, at nagpapalawak ng mga oportunidad para sa mga kabataan habang sila ay lumalaki at naghahanda para sa kanilang hinaharap. Sa pamamagitan ng *Mentoring*, ang mentor ay nakakapagbigay ng suporta sa emosyonal, sosyal at akademiko na nagbibigay tulong sa mga mag-aaral na harapin ang mga hamon sa kanilang pag-aaral. Ang pagkakaroon ng ganitong gabay o suporta ay nakatutulong sa mga mag-aaral na tumaas ang kumpyansa sa sarili na harapin ang mga hamon sa pag-aaral.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Binigyang-diin ng UNESCO (2020), na ang *Peer Mentoring* ay nangangailangan pa rin ng gabay ng guro upang maging epektibo ang mga ganitong estratehiya. Sa kabuuan, bagama't epektibo ang estratehiyang *Peer Mentoring*, ito ay nangangailangan pa rin ng maingat na plano at gabay upang maiwasan ang mga disbentahe gaya ng maaaring hindi sapat ang kaalaman ng isang mentor o mag-aaral at kawalan ng pagkakapantay-pantay sa karanasan sa pagkatuto.

## Epekto ng *Peer Mentoring*

Ang *Mentoring* ay isang napakahalagang bahagi ng pagkatuto at pag-unlad sa iba't ibang larangan dahil ito ay nagsisilbing isang gabay o patnubay na humahatak sa mga mag-aaral na magtagumpay hindi lang maging sa larangan ng akademiko kundi pati na rin sa araw-araw na dumadaan sa buhay ng tao. Sa pamamagitan ng *Peer Mentoring* nagkakaroon ang mga mag-aaral ng isang tagapayo o tagapagturo na maaaring magbigay ng tamang patnubay at suporta upang mapabuti at malinang ang kanilang akademikong pagganap.

Batay sa pag-aaral ni Alonso, M.A. et al. (2024), ang *Peer Mentoring* ay nakatutulong panatilihing mataas ang *retention rate* o pananatili ng isang mag-aaral sa loob ng paaralan at napapababa ang bilang ng mga tumitigil sa pag-aaral o *dropout*. Batay sa isinagawang pag-aaral malaki ang naitutulong ng *Peer Mentoring* hindi lamang sa larangan ng akademiko kundi lalo na sa pagpapanatili ng mataas na *retention rate* o pananatili ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan. Sa pamamagitan ng *Peer Mentoring* ang guro o mas mahusay na mag-aaral ay nagbibigay ng personal na gabay sa kapwa mag-aaral upang mas madaling makapag-adjust sa mga hamon ng buhay-paaralan. Kapag may taong handang makinig at magturo ng tamang estratehiya sa pag-aaral, nagdudulot ito ng mas matibay na koneksyon sa paaralan. Ang *Peer Mentoring* ay isang epektibong pamamaraan na nakatutulong sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang mga kakayahan at mapanatili ang kanilang pag-aaral sa tamang landas.

Batay kay Le, H.G. (2024), ang *Mentoring* ay nakitang nagpapataas ng antas ng *study habits* o gawi sa pag-aaral at academic engagement o pakikipag-ugnayan sa akademiko ng mga mag-aaral. Isa sa mabisang estratehiya sa edukasyon ay ang *Mentoring* o gabay sa pag-aaral na kung saan ang mga mag-aaral ay tumutulong at gumagabay sa kapwa nila mag-aaral. Ang ganitong estratehiya sa paaralan ay may malaking epekto sa pagpapataas ng antas ng *study habits* o gawi sa pag-aaral at sa academic engagement o aktibong pakikilahok sa mga gawaing pang-akademiko ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng impluwensya ng mentor mas nalilinang ang pang-unawa at pagtanggap ng mentee sa mga payo na nagdudulot ng pagbabago at pagpapabuti ng kanilang sariling study habits o gawi sa pag-aaral.

Ayon kina Rincon-Flores et al. (2023), may malaking epekto sa pitong dimensiyon ng kabuuang kagalingan (*well-being*) ng mga estudyante ang estratehiyang *Mentoring* at ang intelektwal na dimensiyon ang isa sa mga pinaka-napapabuti. Ang *Mentoring* na pamamaraan ay may malaking kontribusyon sa pag-unlad ng intelektwal na aspeto ng



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

mga mag-aaral dahil ito ay nakatutulong sa paghubog ng kanilang kritikal na pag-iisip. Ang intelektwal na pagkatuto ay lubhang mahalaga dahil ito ay nagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pag-unawa at pagsusuri ng mahalagang detalye o impormasyon. Sa isang *Mentoring* na programa o pamamaraan, nahahasa ang talino at pag-iisip ng isang mag-aaral dahil sila ay tumatanggap ng tulong at gabay mula sa isang mentor o tagapagturo.

Batay sa pag-aaral ni Betty Galvez., et al (2024), Batay sa mga naging kalahok ang *mentoring* at *coaching* ay nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa mga *instructional strategies at teaching practices* at pati na rin sa sariling professional growth ng isang guro. Nakita sa pag-aaral na ang mentoring ay hindi lamang bilang suporta kundi bilang *transformative tool* na maaaring magpabuti ng “delivery" sa pagtuturo at epekto sa mga estudyante.

Batay sa pag-aaral lumalabas na ang Mentoring ay hindi lamang nakakatulong at kapakipakinabang sa mga mag-aaral kundi maging sa mga kaguruan. Gamit ang mentoring ang mga guro ay nakakatanggap ng tulong o gabay mula sa mas nakakaalam o eksperto sa mga estratehiya sa pagtuturo at sa mga kasanayan sa pagtuturo.

Batay sa isinagawang pag-aaral hinggil sa Kapatid Mentor ME (KMME) Program (2024) sa Lungsod ng Malolos, Bulacan, batay sa mga natuklasan, ang *mentoring* na programa ay nagkaroon ng malinaw at positibong epekto sa holistikong pag-unlad ng mga mentee dahil sa paglinang ng kultural na kamalayan, panlipunan, simbolikal, at emosyonal na kapital.

Sa pamamagitan ng programang Mentoring, nahuhubog ang iba’t ibang aspeto ng mentee sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang kaalaman, paniniwala, at karanasan. Kasabay nito, may malaking pag-unlad ang nagaganap sa mga mentee sa pamamagitan ng pakikisalamuha, pakikipagtulungan, at pagbuo ng makabuluhang relasyon sa kanilang mga kapwa mentee at mentors.

Ayon sa pag-aaral nina Olaoye A.O at Akanmu, J. T. (2024), nadiskubre na ang mga mag-aaral na sumailalim sa mentoring na programa ay nakapagtala ng pagbabago at pagtaas sa kanilang marka kung ihahambing sa kanilang akademikong perpormans bago ang interbensyon. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang paggamit ng one-on-one at small-group mentoring ay nakatulong sa mas malinaw at malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga laman ng talakayan, dahil sa agarang pagtukoy at pagtugon sa kanilang mga kahinaan sa asignatura.

Sa programang mentoring ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng pagbabago at pagtaas ng mga marka kumpara sa kanilang akademikong performance bago ang interbensyon. Ipinakita ng resulta na ang paggamit ng *one-on-one at small-group mentoring* ay nakatulong upang mas malinaw nilang maunawaan ang mga aralin. Ito ay dahil sa pagtukoy at pagtugon sa kanilang mga kahinaan sa asignatura, na nagreresulta sa mas epektibong pagkatuto at mas mataas na kumpiyansa sa kanilang kakayahan.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Ayon sa pag-aaral nina Daunicht, T. at Emmerdinger, K. J. (2025). batay sa isinagawang *mixed-method* na pag-aaral, natuklasan na mayroong umiiral na iba't ibang dahilan o hadlang na nakaaapekto sa aktibong partisipasyon ng mga mentee sa isang *school-based talent mentoring program*. Ang mga hadlang na ito ay nagmumula sa mga personal, panlipunan, akademiko, at istruktural na salik. Sa kabila ng mga natukoy na dahilan o hadlang, ipinakita ng pag-aaral na ito na ang isang maayos at sistematikong disenyo ng programang mentoring, malinaw na patnubay mula sa mga mentor, at sapat na suporta mula sa paaralan ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng antas ng partisipasyon sa pag-aaral.

Sa kabila ng mga dahilan o hadlang na naranasan ng mga mag-aaral, ipinakita ng pag-aaral na ang maayos at sistematikong mentoring na programa, kasama ang malinaw na patnubay ng mga mentor at sapat na suporta mula sa paaralan, ay nakatutulong nang malaki sa pagtaas ng partisipasyon at pag-unlad ng mga mag-aaral sa pag-aaral. Ibig sabihin, kapag maayos ang plano at may gabay o suporta, mas nagiging aktibo at epektibo ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

**Balangkas Teoretikal**

Ang pag-aaral na ito ay nakabase sa teorya ni Lev Vygotsky na Zone of Proximal Development at Social Development Theory. Ipinapakita sa mga teoryang ito ang mga konseptong may makabuluhang kontribusyon sa pagkatuto at pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga teoryang ito ay magbibigay tulong upang mabigyang diin ang bisa ng Peer Mentoring sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Zone of Proximal Development**

Ayon kay Lev Vygotsky, mula sa interaksyon o pakikipag-ugnayan sa mga nakatatanda o mas nakaaalam gaya ng guro o kaklase, nagkakaroon ng pag-unlad o pagkatuto ang mga mag-aaral, kung saan nagpapakita na ang pag-unawa sa pagbasa ay isang sosyokultural na proseso. Batay sa kanya ang pagbasa ay isang "social activity" na nagsisimula sa pakikipag-ugnayan sa mga nakatatanda o mas nakakaalam. Naniniwala si Vygotsky na ang pagbasa ay isang prosesong nakaangkla sa sosyal na konteksto at ito ay nagsisilbing paraan upang makilala ang iba't ibang kaalaman, kultura, at lipunan.

Sa teoryang Zone of Proximal Development (ZPD), Kapag may gabay o tulong na nakukuha mula sa ibang mas nakaaalam o nakakatanda, mas maayos at mabilis na natututo ang mga mag-aaral. Nakakamit ng mga mag-aaral ang mas mataas na antas ng kaalaman sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao at ito ay nagiging bahagi ng personal na kakayahan.

Sa pag-aaral na ito, binibigyang-diin kung paano nakatutulong ang peer mentoring sa mga mag-aaral, maging sila man ay mentee o mentor sa klase para mas mapabuti



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

ang pag-unawa sa pagbasa ng mga-aaral na may mababang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Kapag nagkakaroon ng gabay o tulong mula sa mas nakakaalam ay mas higit na naiintindihan ang tekstong binabasa. Ang mentor ang nagsisilbing gabay at siya ang nagbibigay ng suporta na nakakatulong sa mag-aaral na malaman ang mas malalalim na nilalaman, kahulugan at konsepto sa teksto. Sa ganitong paraan, naipapasa ang pagkatuto at unti-unting natututo sa sarili ang mag-aaral sa kasanayang pagbasa. Sa ganitong proseso, mas nalilinang ang kakayahan at natututo ang mga mag-aaral hindi lamang nang mag-isa, kundi sa tulong ng isang mentor o gabay, at ito ay nakabatay din sa teorya ni Vygotsky.

**Social Development Theory**

Ayon kay Lev Vygotsky (1978), ang kaalaman ay maaaring matutunan sa pakikipag-interaksyon sa ibang tao bago tuluyang internalisahin ng isang mag-aaral. Samakatuwid ang pagkatuto ay pangunahing isang sosyal na proseso. Ang peer mentoring, sa konteksto ng edukasyon ay isang malinaw at konkretong aplikasyon ng teoryang ito kung saan ang mga mentor o tagapagturo na mas nakakaalam na kapwa mag-aaral ay gumaganap bilang isang tagapag-turo na nagbibigay ng gabayat suporta upang lubos na maabot ng isang mentee ang ganap na antas ng pagkatuto.

Ang tulong o suporta mula sa isang mentor o tagapagturo ay lubos nakatutulong sa paglinang ng iba't ibang aspeto ng mag-aaral hindi lang sa pang-edukasyong kasanayan kundi maging sa larangan na rin ng sosyal at emosyonal na aspeto. Ang aktibong ugnayan ng mentor at mentee gaya ng pagtutulungan, pagtatanong at pagbibigay ng feedback ay nakatutulong upang mapaunlad ang kanilang kakayahang mag-isip nang kritikal at mag-analisa ng impormasyon.


Sa kabuuan, ang Social Development Theory ay nagpapakita ng malinaw na batayan kung bakit epektibo ang peer mentoring bilang estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan at kaalaman ng isang mag-aaral. Hindi lamang nakakatulong ang Peer Mentoring sa mag-aaral na maabot ang mas mataas na lebel ng kaalaman sa ilalim ng gabay ng isang kapwa estudyante, kundi pinapalawak din nito ang kanilang kakayahan sa sosyal na interaksyon at kritikal na pag-iisip.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

## Balangkas Konseptwal

Ang pag-aaral na ito ay may balangkas konseptwal na nagpapakita ng ugnayan ng mga baryabol at mahahalagang salik na isinasaalang-alang sa pananaliksik.




*Pigura Blg. 1: Balangkas Konseptwal ng Pag-aaral*

Sa Pigura 1 ng pag-aaral na ito ang mga hakbang na isinagawa ay naglalayong masagot ang mga inilahad na suliranin. Una, nagkaroon ng paghahati sa dalawang pangkat ang mga mag-aaral na nasa baitang labing-isa (Tuturuan at Tagapagturo). Sunod, ibinigay ng mananaliksik ang paunang pagsusulit sa mga kalahok na Tuturuan bago isagawa ang interbensyong Peer Mentoring. Isinailalim ang mga Tuturuan sa interbensyong Peer Mentoring sa tulong ng kanilang mga mentor o tagapagturo na nasa parehong baitang pagkatapos makalap ang mga iskor ng mananaliksik.

Matapos isagawa ang Peer Mentoring, nagbigay ng panghuling pagsusulit ang mananaliksik sa mga Tuturuan. Pagkatapos nito, inihambing ang mga nakalap na iskor mula sa paunang at panghuling pagsusulit upang matukoy ang naging epekto ng Peer Mentoring sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok na mag-aaral sa Baitang 11. Isang programa sa pagbasa ang iminungkahi ng mananaliksik sa paaralan alinsunod sa mga nakalap na resulta.

## Paglalahad ng Suliranin

Nilalayon ng pag-aaral na ito na alamin ang bisa ng Peer Mentoring sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na may mababang akademikong perpormans sa Filipino sa ikalabing-isang baitang ng San Juan City TVL Senior High School.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1.Ano ang iskor sa paunang pagsusulit ng mga kalahok sa pagbasa bago ang pagsasagawa ng Peer Mentoring?

2.Ano ang iskor sa panghuling pagsusulit ng mga kalahok sa pagbasa pagkatapos ng pagsasagawa ng Peer Mentoring?

3.May makabuluhang pagkakaiba ba ang mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit ng mga kalahok bago at pagkatapos ng Peer Mentoring?

4.Anong programa sa pagbasa ang maaaring imungkahi batay sa natuklasan ng pag-aaral?

**Haypotesis ng Pag-aaral**

Walang makabuluhang epekto ang *Peer Mentoring* sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang Labing-isa ng San Juan City TVL Senior High School. Walang makabuluhang kaibahan ang pauna at panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral sa Baitang Labing-isa ng San Juan City TVL Senior High School.

**Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa Epekto ng Paggamit ng Peer Mentoring bilang isang estratehiya upang mapahusay ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na may mababang akademikong perpormans sa Filipino sa ikalabing-isa ng baitang ng San Juan City TVL Senior High School.

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibo na gumamit ng Kwasi-eksperimental na disenyo upang matukoy ang bisa ng Peer Mentoring sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na may mababang akademikong perpormans sa Filipino sa ikalabing-isa ng baitang na naka-enrol sa taong panuruan 2025-2026 sa San Juan City TVL Senior High School sa Lungsod ng San Juan City.

Sa pag-aaral na ito, saklaw ang mga piling mag-aaral mula sa baitang labing-isa ng San Juan City TVL Senior High School. Gagamitin ang paunang pagsusulit (pretest) at panghuling pagsusulit (posttest) upang sukatin ang lebel ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay hindi sasakupin ang mga nasa ikalabing dalawang baitang ng San Juan City TVL Senior High School.

Nakapokus lamang ang pag-aaral na ito sa pagsusuri sa epekto ng Peer Mentoring at hindi saklaw ang iba pang pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo. Hindi rin tatalakayin sa pag-aaral na ito ang iba pang kasanayan sa wika tulad ng pagsulat, pakikinig, at pagsasalita.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

**Katuturan ng mga Salitang Ginamit**

Ang mga sumusunod na termino na nakasaad sa ibaba ay nagbibigay linaw upang maipaliwanag ang mga konsepto at ideyang kaugnay ng pananaliksik na ito.

Kolaboratibong Pagkatuto

Isa itong estratehiyang pang-edukasyon na nakapokus sa kooperasyon ng mga mag-aaral upang makamit ang itinakdang layunin sa pagkatuto. Sa pamamaraang ito, bawat isa ay nagkakaroon ng bahagi at nag-aambag ng kanilang kaalaman, ideya, at karanasan.

Mahinang Mambabasa

Ito ay tumutukoy sa mga may mababang antas na mag-aaral sa kasanayan sa Filipino partikular sa pagbasa at pag-unawa sa isang akda o teksto, batay sa mga pagsusulit o ebalwasyon ng paaralan.

Pag-unawa sa pagbasa

Tumutukoy sa kakayahan ng mag-aaral na nasa ikalabing-isa ng baitang na maunawaan, matukoy ang mahahagang detalye, maipakahulugan, at makapagbigay-kahulugan sa mga binabasang teksto.

Panghuling Pagsusulit

Ang panghuling pagsusulit na ginamit na talatanungan ay binubuo ng tekstong may pamagat na “Abal-abal” na mula sa isang aprobadong babasahing materyal mula sa Kagawaran ng Edukasyon at sampung tanong na kaugnay nito. Ang mga tanong ay idinisenyo upang sukatin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto batay sa limang dimensyon ng pagbasa. Isinagawa ang panghuling pagsusulit matapos isagawa ang estratehiyang Peer Mentoring sa mga kalahok na mag-aaral upang masukat ang naging bisa nito sa kanilang antas ng pag-unawa sa pagbasa.

Paunang Pagsusulit

Ang paunang pagsusulit na ginamit na talatanungan ay binubuo ng tekstong may pamagat na “Abal-abal” na mula sa isang aprobadong babasahing materyal mula sa Kagawaran ng Edukasyon at sampung tanong na kaugnay nito. Ang mga tanong ay idinisenyo upang sukatin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto batay sa limang dimensyon ng pagbasa. Isinagawa ang paunang pagsusulit bago isagawa ang estratehiyang Peer Mentoring sa mga kalahok na mag-aaral upang masukat ang naging bisa nito sa kanilang antas ng pag-unawa sa pagbasa.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Peer Mentoring

Tumutukoy sa paggabay at pagtuturo ng isang kalahok na mag-aaral na may mahusay na akademikong pagganap sa kapwa nila mag-aaral na nasa ikalabing-isang baitang na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa na maunawaan ang mahahalagang detalye, paksa, at kabuuang kahulugan ng isang teksto.

Peer Tutoring

Isang mas istrukturadong pamamaraan ng pagtuturo ang peer tutoring na nakapokus sa pagpapaunlad ng akademikong pagganap. Sa estratehiyang ito, ang isang mag-aaral na nagsisilbing tutor ay tumutulong o gumagabay sa kapwa mag-aaral o tutee upang higit na maunawaan ang isang tiyak na aralin o paksa, na karaniwang may malinaw na layunin at mga gawain.

Tagapagturo (Student Mentor)

Mga mag-aaral na may mataas na antas sa akademiko na magiging gabay at tagapagturo ng kapwa mag-aaral sa ikalabing-isa ng baitang na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa.

Tuturuan (Student Mentee)

Ito ay may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa na mga mag-aaral na tatanggap ng tulong o gabay mula sa isang kapwa mag-aaral na may mataas na akademikong perpormans at pag-unawa sa pagbasa.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik, inilarawan dito ang lugar kung saan isinagawa ang pag-aaral, mga mag-aaral na naging kalahok, naging batayan sa pagpili ng sampol, ginamit na instrumento sa pananaliksik, ginamit na proseso ng pagkalap ng datos, ang estatistikang ginamit ng mananaliksik at mga proseso sa etikal na pagsasaalang-alang na ginamit sa pag-aaral na ito tungkol sa Epekto ng Paggamit ng Peer Mentoring sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na may mababang akademikong perpormans sa Filipino.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng kwantitatibong disenyo ng pananaliksik na may kwasi-eksperimental na pamamaraan, ito ay ang pauna-panghuling pagsusulit upang tukuyin ang bisa ng Mentoring sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na may mababang akademikong perpormans sa Filipino. Gamit ang mga istatistikal na pagsusuri, ang paghahambing ng mga datos mula sa pauna at panghuling pagsusulit ang naging salik ng pag-aaral.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Ang disenyong kwasi-eksperimental ay naaangkop sa ginagawang pag-aaral na may pamagat na, “Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-isa ng San Juan City TVL Senior High School” sapagkat layunin nitong matukoy ang bisa ng estratehiyang Mentoring. Ayon kay Leavy, P. (2020), sa pamamagitan ng kwantitatibong pananaliksik, maaaring masukat ang mga salik na nakakaapekto sa isang partikular na penomenon at magbigay ng matibay na ebidensya.

Ang Mentoring ang ginamit na interbensyon upang mapataas ang pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok na mag-aaral na nasa ikalabing-isang baitang ng San Juan City TVL Senior High School. Tinuklas ng mananaliksik ang bisa ng Mentoring base sa mga kinalabasan ng paunang pagsusulit bago isagawa ang Peer Mentoring at panghuling pagsusulit pagkatapos isagawa ang Peer Mentoring. Pinaghambing ang mga datos at gumamit ng mga pagsusuring istatistikal ng pauna at panghuling pagsusulit.

**Lokal ng Pag-aaral**

Isasagawa ang pag-aaral na ito sa San Juan City TVL Senior High School na kabilang sa sangay ng Lungsod ng San Juan City sa Ikalawang Distrito ng Metro Manila. Itinayo ang paaralan noong taong 2016 bilang panimula sa pagkakaroon ng senior high school sa ilalim ng k to 12 na Programa. Ang San Juan City TVL Senior High School ay dating bahagi ng paaralang San Juan National High School mula taong 2016 hanggang taong 2018 na may pangalan na San Juan National High School Senior High School. Ang San Juan National High School ay itinayo noong taong 1970. Noong taong 2019 ang San Juan National High School Senior High school ay naging isang ganap na stand-alone o hiwalay na paaralan at pinangalanang San Juan City TVL Senior High School na may school ID na 305609.

Ang San Juan City TVL Senior High School ay may layuning magbigay ng isang dekalidad na edukasyon. Ang paaralan ay nakatuon sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng teknikal at bokasyonal na kasanayan na nakaalinsunod sa pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon. Mula ikalabing-isa hanggang ikalabing-dalawang baitang, ang paaralan ay may kasalukuyang populasyon na binubuo ng 29 na mga guro at 474 na mga mag-aaral.

Ang paaralan ng San Juan City TVL Senior High School ay kilala sa lungsod ng San Juan City bilang institusyon na nagbibigay ng dekalidad na teknikal at bokasyonal na kaalaman at kasanayan sa mga mag-aaral. Ang paaralang ding ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magkaroon ng *National Certificate* mula sa TESDA sa iba’t ibang larangan upang magamit sa trabaho sa kanilang pagtatapos ng senior high school at ito ay sa pamamagitan ng programa na JDVP (Joint Delivery Voucher Program) ng Kagawaran ng Edukasyon na kung saan ang mga mag-aaral ay libreng nakakapag-enrol o nakakapag-aral sa mga pribadong paaralan upang sanayin at paunlarin ang kanilang kakayahan at kasanayan sa larangang teknikal.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Ang paaralan ng San Juan City TVL Senior High School ay naglulunsad ng programa sa bawat asignatura upang lalong makapagbigay tulong sa mga mag-aaral na malinang at mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan sa bawat asignatura. Isa sa mga programang ito ay ang LAPIT-Linangin ang Pang-unawa sa iba't ibang Teksto na ginawa sa kagawaran ng Filipino. Ang programang ito ay may tatlong layunin. Una ay malinang ang kultura at pagmamahal sa pagbasa sa Filipino, ikalawa ay mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa at pagsusuri ng teksto, at ikatlo ay maiangat ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral higit lalo ang mga may mababang lebel ng pagbasa at pag-unawa na mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong upang mabigyang katuparan ang inaasahang layunin ng programa ng paaralan.

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang na may kabuuang bilang na 232. Mula sa pangkat na ito, pipiliin ang mga mag-aaral na may mababang akademikong performans sa asignaturang Filipino. Ang mga napiling kalahok ay mula sa limang pangkat na kasalukuyang nakatala sa San Juan City TVL Senior High School sa taong panuruan 2025–2026.

**Pamamaraan ng Pagpili ng Sampol**

Ang mga mag-aaral na magiging kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng apatnapu mula sa ikalabing-isang baitang na binubuo ng limang pangkat ng San Juan City TVL Senior High School na nakatala sa taong panuruan 2025-2026. Mula sa limang pangkat ay pumili ng dalawampung tuturuan at dalawampung tagapagturo. Ang purposive sampling na isang non-probability method ang ginamit na paraan ng mananaliksik. Sa pamamagitan ng isahang pagtatasa sa pagbasa nang may pag-unawa ng mga mag-aaral, ang mananaliksik ay nagsagawa ng pamantayan sa pagpili ng mga kalahok na nagtataglay ng kinakailangang katangian. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang bisa ng Peer Mentoring sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, kaya't pipili ang mananaliksik ng mga mag-aaral na may mababang marka o antas sa pag-unawa sa pagbasa at may mababang akademikong perpormans sa asignaturang Filipino bilang mga kalahok sa pag-aaral na ito.

Upang maisagawa ang interbensyong Peer Mentoring, pipili rin ang mananaliksik ng mga Tagapagturo o Mentor na may mataas na akademikong performans at may kakayahang magbahagi ng kaalaman hinggil sa tekstong binasa.

**Paraan sa Pagpili ng mga Tuturuan**

Ang 20 na napiling tuturuan ay mula sa 48 na kabuuang bilang ng mga mag-aaral na may mababang antas ng akademikong perpormans at mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa na nag-aaral sa asignaturang Filipino na kasalukuyang nasa Baitang 11 ng San Juan City TVL Senior High School. Natukoy ang mga tuturuang mag-aaral sa pamamagitan ng lumabas na grado sa unang markahan. Ang mga natukoy na Tuturuan



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

ay nakakuha ng marka na 73 pababa na grado na maituturing na may Kabiguan na antas ng pag-unawa sa pagbasa.

**Paraan sa Pagpili ng mga Tagapagturo**

Ang mga napiling mag-aaral na magsisilbing Tagapagturo ay mula sa ikalabing-isa ng baitang ng San Juan City TVL Senior High School na may mataas na akademikong perpormans at mataas na marka mula 85 pataas na grado sa asignaturang Filipino at may mataas na antas sa pag-unawa sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pamantayan sa pagbabahagi ng kaalaman na ginamit ng mananaliksik, sumailalim ang mga Tagapagturong mag-aaral o Mentor sa pagtatasa sa pagbasa at pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa tekstong binasa na may pamagat na Abal abal. Upang malaman kung sino ang kwalipikado sa pagmementor o magiging tagapagturo, gagamit ang mananaliksik ng tiyak na pamantayan at pormula sa pagkuha ng porsyento ng marka: kabuuang bilang ng markang nakuha ÷ kabuuang bilang ng pinakamataas na marka × 100 = %. Sa pamamagitan nito, masusukat nang sistematiko ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na makakakuha ng 80%–100% sa pag-unawa sa binabasa at 90% sa pagbabahagi ng kaalaman sa tekstong binasa ang ituturing na kwalipikado upang magsilbing Tagapagturo sa isasagawang Peer Mentoring. Sa ganitong paraan, natitiyak na ang mga pipiliing Tagapagturo ay may sapat na kahusayan at kakayahan upang epektibong makapagbahagi ng kaalaman sa kanilang mga kapwa mag-aaral.

| **Pamantayan sa Pagbabahagi ng Kaalaman sa Tekstong Binasa** | |
|---|---|
| **Kasanayan** | **Marka** |
| **Literal na Pagbasa** | |
| 1. Naipakilala at naipaliwanag ang mga tauhan at tagpuan sa teksto. | |
| 2. Naipahayag ang mga pangyayari na may ugnayang sanhi at bunga. | |
| **Interpretatibong Pagbasa** | |
| 3. Naunawaan at nabigyang-kahulugan ang matalinghagang salita ayon sa pagkakagamit nito sa teksto. | |
| 4. Nahulaan ang maaaring kasunod na pangyayari batay sa mga ideyang inilahad sa akda. | |
| **Mapanuri/Kritikal na Pagbasa** | |
| 5. Naipahayag ang sariling reaksyon sa mga kaisipang nilalaman ng binasang teksto. | |
| 6. Nakabuo ng pasya batay sa mga pagpapahalagang moral. | |
| **Paglalapat/Aplikasyon** | |
| 7. Naiaangkop ang mga ideya mula sa teksto sa kasalukuyang isyu at suliranin sa lipunan. | |
| 8. Nagagamit ang mga ideya mula sa teksto sa pag-unawa sa sariling pagkatao. | |



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

| Pagpapahalaga | |
|---|---|
| 9. Naipahayag ang mga kaisipan at damdaming nais iparating ng may-akda. | |
| 10. Nailahad ang mga positibong ipinahihiwatig sa teksto. | |
| **Kabuuan** | |

| Iskala ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|
| **5 –** Napakahusay | **3 –** Katamtaman | **1 –** Nangangailangan ng pagsasanay |
| **4 –** Mahusay | **2 –** Di mahusay | |

Upang matukoy ang antas ng pag-unawa sa pagbasa, ginamit ng mananaliksik ang interpretasyon sa iskor mula 1-10 batay sa pang-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa binasang teksto.

| Nakuhang Tamang Sagot (Sa 10 aytem) | Antas ng Pag-unawa | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 8-10 | Malayang Pagbasa | Ang mag-aaral ay nakauunawa ng 80% pataas ng mga tanong. Ang mag-aaral ay may kakayanang na basahin at intindihin ang teksto nang mag-isa. |
| 6-7 | Instruksyunal | Ang mag-aaral ay nakauunawa ng 60% hanggang 79% ng mga tanong. Ito ay nangangailangan pa ng gabay ng guro upang lubos na maunawaan ang teksto. |
| 5-1 | May kabiguan | Ang mag-aaral ay nakauunawa ng 59% pababa ng mga tanong sa pag-unawa. Kailangan ng matinding interbensyon. |

**Instrumento ng Pananaliksik**

Upang malaman ang bisa ng Peer Mentoring sa lebel o antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, ang instrumentong ginamit sa pananaliksik ay ang pauna at



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

panghuling pagsusulit kung saan ang nasabing pauna at panghuling pagsusulit ay naglalaman ng iisang tekstong pinamagatang “Abal abal” at mga tanong na nakabatay sa limang dimensyon ng pagbasa: literal, interpretatibo, kritikal, paglalapat, at pagpapahalaga, na binuo ng mananaliksik na guro sa Filipino. Ginamit ang paunang pagsusulit upang matukoy ang inisyal na marka o antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok, samantalang ang panghuling pagsusulit naman ay ginamit upang sukatin ang kanilang antas ng pag-unawa pagkatapos maisagawa ang Peer Mentoring.

Sumailalim sa serye ng balidasyon bago ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral ang mga pagsusulit at babasahing may pamagat na Abal-abal. Ipinasuri sa isang dalubguro at sa Puno ng Kagawaran sa asignaturang Filipino ang ginamit na babasahing teksto sa pag-aaral, ang pauna at panghuling pagsusulit, at maging ang talahanayan ng ispesipikasyon. Pagkatapos nito, ang pauna at panghuling pagsusulit ay muling dumaan sa pagsusuri ng dalawang guro sa Filipino na kasalukuyang nagtuturo sa Baitang 11 ng San Juan City TVL Senior High School upang makapagbigay ng komento sa paglinang at pagpapabuti ng pagsusulit. Isinaalang-alang ng mananaliksik ang lahat ng mga komento at mungkahi ng mga tagasuri upang higit pang mapabuti at maging epektibo ang mga instrumentong ginamit sa pag-aaral.

Ang talahanayan ng ispesipikasyon ng pauna at panghuling pagsusulit ay ipinabalido upang maging epektibo at naaangkop ang gagawing pagsusuri.

**TALAHANAYAN NG ISPESIPIKASYON**
**PAUNANG PAGSUSULIT**
**ABAL ABAL**

| **Kasanayan** | **Madali (50%)** Pag-alala Pag-unawa | **Katamtaman (30%)** Pag-aanalisa Pag-eebalweyt | **Mahirap (20%)** Paglalap at Paglikha | **Kinala-lagyan** |
|---|---|---|---|---|
| **PAG-UNAWA SA PAGBASA Literal**<br>Naipakilala at naipaliwanag ang mga tauhan at tagpuan sa teksto.<br><br>Naipahayag ang mga pangyayari na may ugnayang sanhi at bunga. | 1<br><br>2 | | | 1<br><br>2,5 |
| **PAG-UNAWA SA PAGBASA Interpretatibo**<br>Naunawaan at nabigyang-kahulugan ang matalinghagang salita ayon sa pagkakagamit nito sa teksto. | | | | |



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Nahulaan ang maaaring kasunod na pangyayari batay sa mga ideyang inilahad sa akda. | 2 | | | 3,4 |
| **PAG-UNAWA SA PAGBASA Mapanuri/Kritikal** Naipahayag ang sariling reaksyon sa mga kaisipang nilalaman ng binasang teksto. | | 2 | | 6,10 |
| **PAG-UNAWA SA PAGBASA Paglalapat/Aplikasyon** Nagagamit ang mga ideya mula sa teksto sa pag-unawa sa sariling pagkatao. | | | 1 | 7 |
| **PAG-UNAWA SA PAGBASA Pagpapahalaga** Naipahayag ang mga kaisipan at damdaming nais iparating ng may-akda. Nailahad ang mga positibong ipinahihiwatig sa teksto. | | 2 | | 8,9 |
| **Kabuoan** | 5 | 4 | 1 | **10** |

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Mula sa Baitang 11 ng San Juan City TVL Senior High School ang mga piling mag-aaral na magsisilbing kalahok sa pananaliksik upang makabuo at makapangalap ng datos. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pakikipag-ugnayan sa punong-guro ng paaralan at humingi ng pahintulot upang maisagawa ang pag-aaral at maging sa Sangay ng Edukasyon ng Lungsod ng San Juan kung saan kabilang ang paaralan. Ang mga magulang ng mga naging kalahok na mag-aaral ay hiningan din ng pahintulot sa pamamagitan ng pagbibigay ng liham-pahintulot.

Ang mga sumusunod ay naging hakbang ng mananaliksik sa pangangalap ng datos matapos humingi ng mga pahintulot mula sa pamunuan ng Dibisyon sa Lungsod ng San Juan.

Unang hakbang: Ipinasuri at sumailalim sa balidasyon ang mga instrumento at tekstong gagamitin sa pananaliksik.

Ikalawang hakbang: Tinukoy ang mga mag-aaral na may mababang akademikong perpormans sa asignaturang Filipino na magiging kalahok sa pag-aaral at magsisilbing Mentee o tuturuan.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Ikatlong hakbang: Ang mga mag-aaral na may mataas na akademikong performans sa asignaturang Filipino na magsisilbing Mentor o tagapagturo sa pag-aaral ay tinukoy bilang mga kalahok. Sa pamamagitan ng pagtatasa sa pagbasa at pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa tekstong binasa isasailalim ang mga napiling tagapagturong mag-aaral o mentor.

Ikaapat na hakbang: Nagbigay ng paunang pagsusulit sa mga mag-aaral na may mababang akademikong perpormans sa asignaturang Filipino, ang paunang pagsusulit ay sasagutan ng mga mag-aaral sa loob ng labinglimang minuto. Upang malaman ang lumabas na inisyal na iskor ng mga kalahok sa pagbasa, kinolekta ng mananaliksik ang mga datos mula sa paunang pagsusulit. Pagkatapos ng pagsusuri sa kinalabasan ng paunang pagsusulit, ang mga napiling mentee ay binigyan ng pagkakataon na basahin ang tekstong Abal-abal.

Ikalimang hakbang: Pagkatapos ng paunang pagsusulit at pagbabasa ng mga mentee ay itinalaga na at binigyan ng pagkakataon ang mga Tagapagturo o Mentor upang isagawa ang Peer Mentoring na kung saan sila ay nag-usap patungkol sa nilalaman ng binasang teksto. Ang Mentor o Tagapagturo ay nagbigay ng gabay at impormasyon ukol sa mahahalagang detalyeng nakapaloob sa binasang teksto. Malayang nagtanong at nagbigay ng kaalaman ang Mentor o Tagapagturo tungkol sa tekstong binasa hanggang sa ito ay lubusang naunawaan ng Mentee o Tuturuan. Ang isinagawang Peer Mentoring ay umabot ng 30 minuto.

Ikaanim na hakbang: Pagkatapos ng pagsasagawa ng Peer Mentoring ay muling binigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na basahin ulit nang tahimik ang tekstong Abal-abal sa loob ng sampung minuto at sagutan ang panghuling pagsusulit.

Ikapitong hakbang: Sa tulong ng pamamaraang estadistika, tinukoy ang mga nakalap na iskor mula sa pauna at panghuling pagsusulit. Upang matukoy ang bisa o epekto ng Peer Mentoring ay binigyan ng paliwanag ang mga nakuha na datos sa pamamagitan ng paired t-test.

Ikawalong hakbang: Isang programa sa pagbasa ang iminungkahi ng mananaliksik mula sa nakalap na datos ng pag-aaral pagkatapos mabigyan ng pinal na interpretasyon ang mga ito.

## Estadistikang Ginamit

Sa pamamagitan ng mga estadistikang ginamit, layunin ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na suliranin.

Suliranin 1: Ano ang iskor sa paunang pagsusulit ng mga kalahok sa pagbasa bago ang pagsasagawa ng Peer Mentoring?

Ang mga datos na nakalap ay isinailalim sa frequency distribution, percentage, mean, at standard deviation upang matukoy ang iskor ng mga kalahok sa paunang pagsusulit.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Suliranin 2: Ano ang iskor sa panghuling pagsusulit ng mga kalahok sa pagbasa pagkatapos ng pagsasagawa ng Peer Mentoring?

Ang mga datos na nakalap ay isinailalim sa frequency distribution, percentage, mean, at standard deviation upang matukoy ang iskor ng mga kalahok sa panghuling pagsusulit.

Suliranin 3: May makabuluhang pagkakaiba ba ang mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit ng mga kalahok bago at pagkatapos ng Peer Mentoring?

Ang mga datos na nakalap ay isinailalim sa paired T-test upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit ng mga kalahok.

**Pagsasaalang-alang na Etikal**

Sa pagsasagawa ng pag-aaral, isinagawa ng mananaliksik ang mga kinakailangang hakbang upang matiyak ang pagsasaalang-alang sa etika ng pananaliksik. Nakipag-ugnayan at humingi rin siya ng pahintulot sa punong-guro ng San Juan City TVL Senior High School upang maisagawa ang kwasi-eksperimental na pananaliksik sa mga mag-aaral sa Baitang 11. Sa pamamagitan ng liham ng pag-apruba, humingi rin ang mananaliksik ng pahintulot sa mga magulang ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral. Ipinaalam sa liham ang mga hakbang na isasagawa sa pag-aaral, kabilang ang paglahok ng kanilang mga anak. Isinaad at nilinaw din na ang mga magiging resulta ng pagsusulit ay hindi makakaapekto sa grado ng mga mag-aaral. Sisiguraduhin na kumpidensyal ang pagkakakilanlan ng mga mag-aaral at ang kanilang mga datos. Malaya rin silang hindi lumahok sa pag-aaral anumang oras na kanilang naisin. Tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng nakalap na datos ay gagamitin lamang para sa pag-aaral na ito at maayos na buburahin pagkatapos gamitin.

Ipinakita sa pamamagitan ng paglagda sa tugonang papel na kalakip ng liham ng pag-apruba ang pagsang-ayon ng mga magulang ng mga mag-aaral na magiging kalahok sa pag-aaral. Tiniyak at tinanggap ng mananaliksik ang responsibilidad sa pagprotekta ng kapakanan at kalayaan ng mga kalahok sa pag-aaral, at anumang paglabag sa mga nabanggit ay pananagutan ng mananaliksik.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

Ang isinagawang pag-aaral na ito ng mananaliksik ay may layuning masuri ang epekto ng Peer Mentoring bilang estratehiya sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang ng San Juan City TVL Senior High School sa asignaturang Filipino.

Ang resulta ng pag-aaral ay nakatuon sa paghahambing ng paunang pagsusulit (pre-test) at panghuling pagsusulit (post-test) ng mga mag-aaral na nasa ikalabing-isang baitang ng San Juan City TVL Senior High School sa asignaturang Filipino, gayundin sa pagsusuri ng kanilang antas ng pag-unawa batay sa iba't ibang kasanayan sa pagbasa.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

**Suliranin 1: <u>Iskor sa Paunang Pagsusulit ng mga Kalahok sa Pagbasa bago ang Pagsasagawa ng Peer Mentoring.</u>**

Ang sampung aytem na paunang pagsusulit na sumailalim sa balidasyon ay ipinasagot sa dalawampung (20) kalahok na mag-aaral. Inilalarawan sa talahanayan sa ibaba ang resulta ng distribusyon ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok bago ang pagsasagawa ng Peer Mentoring, kasama rito ang kaukulang mean at standard deviation ng kanilang mga iskor.

| Iskor | Antas ng Pagbasa | Bilang (f) | Bahagdan (%) | Mean | Standard Deviation |
|---|---|---|---|---|---|
| 8-10 | Malaya | 0 | 0% | 4.44 | 1.63 |
| 6-7 | Instruksyunal | 7 | 35% | | |
| 0-5 | Kabiguan | 13 | 65% | | |
| **Kabuoan** | | **20** | **100%** | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 1 na ang marami sa mga kalahok na mag-aaral, na binubuo ng 13 o 65%, ay kabilang sa antas na Kabiguan sa pag-unawa sa pagbasa, na nangangahulugang sila ay nakapagtala ng iskor mula 0 hanggang 5. Samantala, mayroong 7 o 35% ng mga kalahok na nasa antas Instruksyunal, na tumutukoy sa mga nakakuha ng iskor mula 6 hanggang 7. Wala namang kalahok ang nakakuha o umabot sa Malayang antas ng pagbasa.

kalahok ay hindi gaanong malawak. Ipinapakita rin ng mean score na 4.44 na ang mga kalahok ay karaniwang kabilang sa antas ng kabiguan sa pag-unawa sa pagbasa. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang pangkalahatang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok ay nasa antas ng kabiguan.

Inilahad sa DO 14, s. 2018 ng Phil-IRI, ang mga mag-aaral ay maaaring mauri sa tatlong antas ng pagbasa batay sa kanilang nakuhang iskor sa pag-unawa sa pagbasa. Ang pinakamataas na antas ay tinatawag na Antas ng Malayang Pagbasa, na may bahagdan na 80% hanggang 100%. Ang isang mag-aaral ay nasa antas na ito kung sila ay may mahusay na pagkakaunawa sa binabasa, ang ganitong antas ay kinapapalooban ng pag-unawang mula literal hanggang sa malikhaing antas ng pag-unawa. Sumusunod dito ay ang Instruksyunal na antas, na may saklaw na 60% hanggang 79%. Ang mga mag-aaral sa antas na ito ay may kakayahang umunawa sa binabasa, subalit hindi pa lubos ang pagkakaunawa, sapagkat may ilang bahagi ng teksto na nangangailangan pa rin ng paggabay upang lubos na maunawaan ang kabuuang nilalaman. Samantala, ang antas ng Kabiguan ay ang pinakamababang antas, na may bahagdan na 59% pababa. Ang isang mag-aaral ay nasa ganitong antas kung sila ay nakararanas ng malaking suliranin sa pag-unawa sa binabasa. Ilan sa mga suliraning ito ay ang kahirapan sa pagkilala at wastong pagbigkas ng mga salitang nakapaloob sa teksto.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Ang resultang ito ay may pagkakahalintulad sa pag-aaral na ginawa ni Rayna Rose B. Marticio (2022) na may pamagat na "Kalagayang Pangkasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa: Batayan sa Pagbuo ng Planong Pagpapaunlad sa Pagbasa" na kung saan natuklasan sa pag-aaral na maraming mag-aaral ang nasa antas ng pagkabigo (frustration level) sa pagbasa, na nangangahulugang nahihirapan silang umunawa ng teksto nang walang tulong mula sa mas marunong.

**Suliranin 2: <u>Iskor sa Panghuling Pagsusulit ng mga Kalahok sa Pagbasa Pagkatapos ng Pagsasagawa ng Peer Mentoring.</u>**

Upang masuri ang antas ng pagganap ng mga kalahok matapos ang pagsasagawa ng Peer Mentoring, isinagawa ang panghuling pagsusulit gamit ang parehong teksto at talatanungan na ginamit sa paunang pagsusulit bago ginawa ang *Peer Mentoring*. Ang mga nakuhang iskor ay sinuri sa pamamagitan ng frequency distribution, percentage, mean, standard deviation. Ang kabuuang kinalabasan ng pagsusuri ay inilalahad sa Talahanayan 2.

Talahanayan 2

Iskor sa Panghuling Pagsusulit ng mga Kalahok na Mag-aaral Pagkatapos ng Pagsasagawa ng *Peer Mentoring*

| Iskor | Antas ng Pagbasa | Bilang (f) | Bahagdan (%) | Mean | Standard Deviation |
|---|---|---|---|---|---|
| 8-10 | Malaya | 18 | 90% | 8.75 | 1.01 |
| 6-7 | Instruksyunal | 2 | 10% | | |
| 0-5 | Kabiguan | 0 | 0 | | |
| **Kabuoan** | | **30** | **100** | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 2 na karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas na Malaya sa pag-unawa sa pagbasa, kung saan 18 o 90% ng mga kalahok ang nakapaloob dito at nakakuha ng iskor na 8 hanggang 10. Samantala, may 2 mag-aaral o 10% ang nasa antas na Instruksyunal, na may iskor na 6 hanggang 7. Wala namang kalahok ang umabot sa antas na Kabiguan sa pagbasa, lumalabas na walang mag-aaral ang nahirapan sa pag-unawa sa teksto pagkatapos ng pagsasagawa ng *Peer Mentoring*.

Bukod pa rito, ipinapakita ng standard deviation na 1.01 na ang mga resulta ng mga kalahok na mag-aaral ay magkakalapit at hindi masyadong malawak ang agwat ng kanilang mga iskor. Lumalabas na karamihan sa kanila ay nasa antas na Malayang Mambabasa, na may mean value na 8.75. Samakatuwid, makikita na tumaas ang lebel ng pag-unawa sa binasang teksto ng mga mag-aaral, mula sa Instruksyunal tungo sa Malaya na antas matapos isagawa ang *Peer Mentoring*.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Kahalintulad din sa pag-aaral na ginawa ni Chelina C. Caparos et al. (2024), na may kinalaman sa pagpapaunlad sa kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa sekondarya, lumabas sa resulta na ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas sa pre-test, ngunit tumaas ito sa mataas na antas sa post-test matapos isagawa ang interbensiyong nagbibigay tulong o gabay sa mga mag-aaral.

**Suliranin 3: <u>Makabuluhang Pagkakaiba ng mga iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit ng mga Kalahok bago at Pagkatapos ng *Peer Mentoring*.</u>**

Upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa mean score ng mga kalahok na mag-aaral mula sa paunang pagsusulit hanggang sa panghuling pagsusulit, isinailalim ang mga datos sa paired sample t-test at inihambing ang mga resulta sa itinakdang *critical value*. Isinagawa ang lahat ng kalkulasyon sa 5% na antas ng kahalagahan *(alpha level of significance)*. Ang mga kinalabasan ng pagsusuri ay makikita sa Talahanayan 3.

Talahanayan 3

Makabuluhang Pagkakaiba sa mga Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit ng mga Kalahok na Mag-aaral

| **Pagsusulit** | **Mean** | **Percentage Increase** | **Paired T Test** | **Sig. (p-value)** | **Verbal Interpretation** | **Decision** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Paunang Pagsusulit | 4.44 | 97.01% | −17.10 | P is < .001 | Significant | Reject Ho |
| Panghuling Pagsusulit | 8.75 | | | | | |

*Note: p-value ≤ 0.05– significant, p-value > 0,05 – not significant*

Ipinapakita sa Talahanayan 3 na ang paunang pagsusulit ay nakakuha ng mean score na 4.44, samantalang ang panghuling pagsusulit ay nagkaroon ng mean score na 8.75. Mula dito ay nagkaroon ng pagtaas ng mean score na umabot ng 97.01% at batay sa isinagawang paired sample t-test, ang nakuhang t-value ay −17.10 na may p-value na mas mababa sa .001, na mas mababa rin sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05.

Batay sa makabuluhang pagbabago at pag-angat ng mga iskor ng mga mag-aaral sa Baitang Labing-isa mula sa paunang pagsusulit patungo sa panghuling pagsusulit, lumabas na ang haypotesis na walang epekto ang *Peer Mentoring* sa kanilang antas ng pag-unawa sa pagbasa ay tinanggihan. Napatunayan na ang *Peer Mentoring* ay may malinaw na bisa bilang isang interbensyon na nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa nabanggit na baitang.



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Kahalintulad ng pag-aaral na ginawa nina Mark Kevin Astrero & Jemerson L. Eugenio (2025), na *Efficacy of Peer-Assisted Reading Program in Improving Students' Reading Comprehension Level* lumabas na tumaas ang reading comprehension average score ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang, na may malaking porsyento sa instructional at independent reading level pagkatapos isagawa ang isang interbensyong naglalayon mapataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa.

**Suliranin 4: <u>Programa sa Pagbasa na Maaaring Imungkahi batay sa Natuklasan ng Pag-aaral.</u>**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Programa** | Mentoring para sa Mas Mahusay na Mag-aaral sa Filipino (4M) |
| **Tagapagtaguyod** | Marvin P. De Borja<br>Guro II |
| **I. Rasyunale** | Ang pagbabasa ay ang pintuan patungo sa isang maligaya at matatag na kinabukasan (Duterte, 2023).<br><br>Isa sa mga hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral at guro sa San Juan City TVL Senior High School, lalo na sa Baitang 11, ay ang mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.<br><br>Batay sa obserbasyon ng mga guro sa Filipino, may ilang mga mag-aaral ang nakakakuha ng mababang marka sa pagsusulit dahil sa mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga teksto. Ang mga mag-aaral ay marunong magbasa subalit hindi nagkakaroon ng lubos o ganap na pag-unawa sa tekstong kanilang binabasa.<br><br>Bilang pagtugon sa suliranin, ang Kagawaran ng Filipino ay magsasagawa ng isang programa na naglalayong paunlarin ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na may mababang antas ng akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Ito ay ang *Mentoring para sa Mas Mahusay na Mag-aaral sa Filipino* na nakatuon sa paggamit ng estratehiyang *Peer Mentoring* bilang interbensyon. Gagamitin ang *Peer Mentoring* bilang isang estratehiya o paraan upang malinang at mapataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa na may mababang akademikong perpormans sa Filipino. Ang programang ito ay maaaring makatulong sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pag-unawa ng mga teksto. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa at mahusay sa pagbabahagi ng nilalaman ng teksto ang magsisilbing mga mentor o tagapagturo ng mga tuturuan o mentee. |



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

| | |
|---|---|
| **II. Kaligiran** | Ang San Juan City TVL Senior High School ay kabilang sa mga paaralan sa Lungsod ng San Juan na nagpapatupad ng iba't ibang programang teknikal-bokasyonal na naglalayong mapataas ang mababang antas ng akademikong perpormans ng mga mag-aaral. Isa sa mga pangunahing suliraning natukoy ay ang mababang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa, na itinuturing na isa sa mga dahilan na nakaaapekto sa kanilang akademikong perpormans. Bilang tugon, magpapatupad ang Kagawaran ng Filipino ng programang 4M (Mentoring para sa Mas Mahusay na Mag-aaral sa Filipino) na gagamitan ng estratehiyang *Peer Mentoring* upang higit pang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral. |
| **III. Deskripsyon** | Ang interbensyon o programang 4M (Mentoring para sa Mas Mahusay na Mag-aaral sa Filipino) ay gagamit ng estratehiyang *Peer Mentoring* na magsisilbing daan upang mabigyan ng tulong at gabay ang mga mag-aaral na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa kung saan ang mga mahuhusay na mag-aaral ang magiging katuwang ng kanilang kamag-aral na nangangailangan ng gabay sa pag-unawa<br><br>Magsasagawa ang mga guro sa Filipino ng ebalwasyon o pagsusuri upang matukoy ang mga mag-aaral na maaaring maging mentor o tagapagturo ng kanilang mga kaklase na natukoy na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ang mga guro sa Filipino ay maghahanda ng mga babasahing teksto at mga talatanungan na akma sa antas ng pagbasa at baitang ng mga kalahok na mag-aaral na may layuning mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa.<br><br>Ang programa ay isasagawa sa nakatakdang oras para sa interbensyon sa pagbasa at maaari ring isagawa ng guro sa Filipino sa loob ng kanyang klase habang nagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa programang ito ang mga guro sa Filipino, mag-aaral, at mga magulang ay magiging bahagi upang makamit ang layuning matulungan at mapataas ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sisimulan ito sa Unang Markahan sa taong panuruan 2026-2027 pagkatapos matukoy ang mga mag-aaral na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa. |
| **IV. Layunin** | Ang programang ito ay naglalayon na:<br><br>• Tulungan ang mga mag-aaral na mapabuti at maitaas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga may mababang antas nito sa tulong ng estratehiyang *Peer Mentoring*. |



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

| | |
|---|---|
| | • Mapaunlad ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na magsuri, magbigay ng opinyon, at magbigay ng interpretasyon sa teksto.<br><br>• Malinang ang kooperasyon at pakikipagkapwa sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mentor at mentee at mahubog ang positibong relasyon sa loob ng silid-aralan. |
| **V. Kalahok** | Ang mga kalahok ay ang mga mag-aaral ng San Juan City TVL Senior High School na nasa ikalabing-isang baitang na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa. |

| **Unang Yugto: Bago ang implementasyon** | |
|---|---|
| **Layunin** | • Paghingi ng pahintulot para sa pagsasagawa ng programa<br><br>• Hikayating makiisa ang mga guro sa pagsasagawa ng programa sa pagpapataas ng antas sa pag-unawa sa pagbasa gamit ang estratehiyang *Peer Mentoring*<br><br>• Matukoy ang mga mag-aaral na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa<br><br>• Makabuo ng mga tekstong babasahin at talatanungan. |
| **Gawain** | • Pagpupulong ng kagawaran ng Filipino patungkol sa pagsasagawa ng proramang 4M para sa mga mag-aaral na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa gamit ang *Peer Mentoring*<br><br>• Paglikha ng isang komite na mangangasiwa at magsasagawa sa mga kaukulang tungkulin at gawain<br><br>• Pagpili ng mga mag-aaral na magsisilbing Mentor o tagapagturo sa pamamagitan ng pagtatasa. Ang mga mag-aaral na magiging mentor o tagapagturo ay ang mga may mataas na marka sa asignaturang Filipino.<br>• Paghingi ng pahintulot ng mga magulang o tagapag-alaga para sa paglahok sa isasagawang programa<br><br>• Pagbuo at paghahanda ng mga babasahin at talatanungan para sa gawaing pagbasa<br><br>• Paggawa at pagbuo ng mga gagamiting kasangkapan sa pagsubaybay sa pag-unlad ng mga mag-aral (Progress Monitoring Tool) |



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

| | |
|---|---|
| | • Pagsasagot ng Monitoring and Evaluation Tool. |
| **Taong Kasangkot** | • Punong guro<br><br>• Mga guro sa Filipino<br><br>• Mga mag-aaral sa Ika-11 Baitang<br><br>• Mga magulang o tagapangalaga |
| **Kagamitan** | • Planong Aksyon ng isasagawang interbensyon o programang magpapataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa.<br><br>• Babasahing teksto para sa paunang pag-ebalweyt sa pagbasa<br><br>• Liham pahintulot para sa mga magulang ng mga kalahok na mag-aaral. |
| **Panahon ng Pagsasagawa** | • Hunyo hanggang Setyembre 2026 |
| **Inaasahang Awtput** | • Naratibong ulat ng mga guro sa Filipino sa isinagawang pagpupulong<br><br>• Tala ng resulta ng isasagawang paunang pagbasa at pagsusulit ng mga mag-aaral<br><br>• Mga nabuong teksto para sa pagbasa<br><br>• Dokyumentasyon ng isinagawang pagtatasa sa mga mentor o tagapagturo<br><br>• Monitoring Tool/Reading Log |
| **Ikalawang Yugto: Implementasyon** | |
| **Layunin** | • Maisagawa ang programang *Peer Mentoring*.<br><br>• Mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral |
| **Gawain** | Pagsasagawa ng *Peer Mentoring* sa itinakdang oras ng programa<br>• Pagbibigay ng mga materyales na gagamitin ng mga mag-aaral sa pagbasa<br><br>• Pagsasagawa ng mga mag-aaral ng pagbasa at *Peer Mentoring*. |



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

| | |
|---|---|
| | • Pagpapasagot sa mga mentee ng mga gawaing may kaugnayan sa pagpapataas |
| **Taong Kasangkot** | • Mga guro sa Filipino<br>• Mga Mentee o tuturuan<br>• Tagapagturo |
| **Kagamitan** | • Babasahing teksto<br>• Talatanungan sa pagbasa<br>• Talaan ng progreso ng mga kalahok na mag-aaral |
| **Panahon ng Pagsasagawa** | • Hunyo hanggang Setyembre 2026 |
| **Inaasahang Awtput** | • Mga nagawang awtput ng mga mag-aaral mula sa pagbasa<br>• Tala ng progreso ng mga kalahok na mag-aaral |
| **Panghuling yugto: Pagkatapos ng Implementasyon** | |
| **Layunin** | • Makabuo ng pinal na pagbasa at pagsusulit<br>• Makabuo ng *accomplishment report* ng isinagawang programa<br>• Makapagsagawa ng monitoring at evaluation batay sa isinagawang programa |
| **Gawain** | • Pagsasagawa ng pinal na pagbasa at pagsusulit<br>• Pagsusumite ng *accomplishment report*<br>• Pagsasagawa ng *monitoring* at *evaluation* |
| **Taong Kasangkot** | • Mga guro sa Filipino<br>• Mga kalahok na mag-aaral na ginamitan ng *Peer Mentoring* |

**Lagom ng Natuklasan**

**Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay ang mga sumusunod:**

1. Ipinakita sa resulta ng paunang pagsusulit na ang pangkalahatang antas sa pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok ay mababa. Sa kabuuang bilang, 13 o 65% ng mga mag-aaral ang nasa antas na Kabiguan, samantalang 7 o 35% lamang ang umabot sa antas na Instruksyunal. Kapansin-pansin na walang mag-aaral ang nakapasok sa Malayang antas. Ang nabuong mean score na 4.44 ay lalong nagpapatibay na nasa mababang



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

antas ang kanilang pag-unawa sa pagbasa, habang ang standard deviation na 1.63 ay nagpapakita na hindi gaanong nagkakalayo ang mga iskor ng mga kalahok. Dahil dito, maaaring ipakahulugan na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas ng Kabiguan pagdating sa pag-unawa sa kanilang binabasa.

2. Sa isinagawang panghuling pagsusulit, malinaw na dumami ang mga mag-aaral na nakapagtamo ng antas na Malaya sa pag-unawa sa pagbasa, kung saan 18 sa kanila o 90% ang kabilang dito. Sa kabilang banda, 2 mag-aaral lamang o 10% ang nanatili sa antas na Instruksyunal, at walang kalahok ang nasa antas na Kabiguan. Ipinapakita rin ng standard deviation na 1.01 na magkakalapit ang mga nakuha nilang iskor, na may pangkalahatang mean score na 8.75. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na matapos ipatupad ang *Peer Mentoring*, ang karamihan sa mga kalahok ay umabot sa mas mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa, habang may 2 mag-aaral ang nanatili sa antas na nangangailangan pa ng gabay.

3. Ang kinalabasan ng pagsusuri ay nagpapakita na ang panghuling pagsusulit ay nakapagtala ng mas mataas na mean score na 8.75 na may standard deviation na 1.01, kumpara sa isinagawang paunang pagsusulit na may mean score na 4.44 at standard deviation na 1.63. Sa isinagawang paired sample t-test, nakuha ang t-value na -17.10 at p-value $< 0.001$, na mas mababa sa itinakdang 0.05 na level of significance. Dahil dito, hindi tinanggap ang null hypothesis na walang makabuluhang epekto ang *Peer Mentoring* sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na may makabuluhang pagtaas o pagbabago sa mga iskor ng mga kalahok mula sa paunang pagsusulit patungo sa panghuli.

4. Mula sa mga natuklasan ng pag-aaral, malinaw na ang paggamit ng estratehiyang *Peer Mentoring* ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ng teksto. Ipinakita ng mga resulta na maaari itong maging epektibong bahagi ng programang pangbasa ng Kagawaran ng Filipino sa San Juan City TVL Senior High School. Kaugnay nito, nagmungkahi ang mananaliksik ng isang panukalang programa sa pagbasa na may kasamang planong aksyon upang magsilbing gabay sa maayos na pagpapatupad nito.

## Konklusyon

**Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:**

1. Ipinakita ng kinalabasan ng pananaliksik na may mga mag-aaral sa baitang labing-isa ng San Juan City TVL Senior High School ay hindi pa ganap na nakapagtamo ng sapat na pag-unawa sa pagbasa bago pa man isagawa ang interbensyong *Peer Mentoring* at ito ay batay sa resulta ng paunang pagsusulit. Mula rito, malinaw na may umiiral na kahinaan sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa. Ang resultang ito ay maiuugnay sa Zone of Proximal Development kung saan nakaangla ang pag-aaral. Binigyang patunay na ang mga mag-aaral na kalahok ay may kakayahang magbasa ng



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

mag-isa ngunit hindi nagkakaroon ng lubos o ganap na pag-unawa at ito ay nangangailangan ng tulong ng mas maalam na kamag-aral upang maunawaan ito.

2. Sa isinagawang panghuling pagsusulit, lumitaw na ang marami sa mga kalahok ay umabot sa mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa. Sa kabuuang bilang, 18 o 90% ng mga mag-aaral ang napabilang sa kategoryang Malayang antas, samantalang 2 o 10% lamang ang nasa antas na Instruksyunal. Wala namang naitalang mag-aaral ang nasa antas na Kabiguan. Ipinakikita ng standard deviation na 1.01 na magkakalapit lamang ang mga iskor ng mga kalahok, na nagpapatunay sa pagkakapare-pareho ng kanilang pagganap. Sa kabuuan, naitala ang mean score na 8.75 na nagpapakita na karamihan sa kanila ay may kakayahang magbasa nang malaya. Batay rito, maaaring ipalagay na matapos isagawa ang *Peer Mentoring*, ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay tumaas at nanatili sa antas na Malaya at Instruksyunal. Pinatutunayan ng kinalabasan na ito ang mga inilahad sa teorya ng Social Development Theory, na naging batayan din ng pag-aaral. Ipinakikita rito na mas napapabuti at napahuhusay ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag sila ay nakikilahok sa interaksyon at kolaborasyon kasama ang kanilang mga kamag-aral na mas nakaaalam at may mataas na kakayahan sa pag-unawa sa binabasang teksto.

3. Pagkatapos ng pagsasagawa ng *Peer Mentoring*, nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ang mga kalahok na mag-aaral, mula sa mababa o may kabiguang antas patungo sa Malayang antas batay sa isinagawang panghuling pagsusulit. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang pakikipagtulungan at paggabay mula sa mga kapwa mag-aaral na may mas na mataas na kasanayan sa pagbasa ay naging mahalagang salik sa kanilang pagkatuto. Higit pa rito, lumitaw sa pagsusuri ng datos na may malinaw at makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka sa paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit ng mga kalahok. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng *Peer Mentoring* ay isang epektibong estratehiya bilang interbensyon upang mapaunlad ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang Labing-isa. Samakatuwid, ang inilahad sa Instructional Scaffolding Theory na nakatuon sa mga kasanayan ng guro sa pagsuporta sa pag-unlad ng mga mag-aaral ay napatunayan ding epektibo.

4. Ipinakita ng mga resulta na epektibo at kapaki-pakinabang ang pagpapatupad ng interbensyong *Peer Mentoring* sa mga mag-aaral bilang isang programang nagpapaunlad sa pag-unawa sa pagbasa ng Kagawaran ng Filipino sa San Juan City TVL Senior High School.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga kongklusyon sa isinagawang pag-aaral na may layuning matuklasan ang bisa ng paggamit ng *Peer Mentoring* sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino sa baitang 11 ng San Juan City TVL Senior High School, buong pagpapakumbabang imunumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

1. Ipatupad ang isang sistematiko at pangmatagalang programa ng *Peer Mentoring* sa paaralan ng San Juan City TVL Senior High School na kung saan ang mga mahuhusay na mag-aaral sa asignaturang Filipino ay magsisilbing Mentor o tagapagturo upang tulungan at gabayan ang mga mag-aaral na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa.

2. Magkaroon ng regular na sesyon ng programang *Peer Mentoring* sa paaralan ng San Juan City TVL Senior High School para sa mga may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa at pagsubaybay sa progreso upang matiyak ang tuloy-tuloy na pag-unlad ng kasanayan ng mga kalahok.

3. Bumuo at gumamit ng mga angkop na tesktong babasahin na naaayon sa interes, antas, at pangangailangan ng mga mag-aaral na nasa ikalabing-isa ng baitang upang higit silang mahikayat sa pagbabasa.

4. Gamitin ang estratehiyang *Peer Mentoring* ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ng mga aralin na nakatuon sa paglinang ng pag-unawa sa nilalaman at mensahe ng isang teksto.

5. Gamitin ang estratehiyang *Peer Mentoring* ng mga guro sa iba pang asignatura na naglalayong isulong ang kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

6. Isama ang Peer Tutoring sa mga sesyon ng Learning Action Cell (LAC) at mga pagpupulong ng mga guro.

7. Isagawa ng mga mag-aaral ang *Peer Mentoring* sa kanilang bakanteng oras upang higit na mapalawak ang kanilang pag-unawa sa teksto o aralin.

8. Hikayatin ng mga Mentor ang mga Mentee o tuturuan na magkaroon ng aktibong pakikibahagi sa programa ng *Peer Mentoring* sa pamamagitan ng pagtatanong at pagbabahagi ng kanilang saloobin tungkol sa binabasa upang mas maging interaktibo ang sesyon ng mga programa.

9. Aktibong makilahok ang mga mentee, maging bukas ang kaisipan at handang tanggapin ang mga hamon bilang isang mentee upang matuto sa bawat sesyon ng *Peer Mentoring* at upang higit nilang mapakinabangan ang pagtulong at paggabay ng kanilang mentor.

## REFERENCES


Aclinen, Z. M. et al. (2023). *Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8*.

Department of Education. (2022). DepEd Cites Importance of Reading at Early Age in Araw ng Pagbasa 2022 celebration. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/2022/12/01/deped-cites-importance-of-reading-at-





De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

early-age-in-araw-ng-pagbasa-2022-celebration
OECD. (2019). PISA 2018 results (Volume I): What Students Know and Can do. Organisation for Economic Co-operation and Development.
Department of Education. (2020). DepEd Order No. 31, s. 2020: Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Programs. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/07/DO_s2020_031.pdf
Hendratno et al. (2025), Students' Comprehensions Ability on a Digital Storybook: A Quasi-Experiment Research with Fry Readability Analysis
Mapa, C. D. (2025). Functional Literacy Rate of the Philippines: Presentation at SEAMEO INNOTECH Center, Quezon City. Philippine Statistics Authority. https://psa.gov.ph
Untalan, S. (2025). PSA: Only 70.8% of Filipinos Aged 10–64 Functionally Literate https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/954393/psa-only-70-8-of-filipinos-aged-10-64-functionally-literate/story/
Sanggawa, J. L., et al. (2024). Antas Ng Pag-Unawa Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Ikatlong Baitang Ng Klaster 5. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(12), 275–290.
DepEd Learning Competency Center (LCC). (2024). Frequently Asked Questions about Literacy. https://www.deped.gov.ph/lcc
Bautista, C., et al. (2024). LETRA Program: Pagpapahusay sa Komprehensibong Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Alaminos City National High School, Alaminos City, Pangasinan.Teksto – Iba't Ibang Uri | Halimbawa | Kahulugan | Katangian. (n.d.). TakdangAralin.ph. Retrieved April 8, 2026, from https://takdangaralin.ph/teksto/
Atonen, S. (2024). ATG Pagbasa at Pagsusuri ng Ibang Teksto – S.Y. 2024–2025. College of Our Lady Mt. Carmel. Macapaz, M. K. S., et al. (2023). Informational Text sa Pagbasa at Pagkatuto sa Filipino 7. International Journal of Research Studies in Education, 12(5). https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.2014
Visayas State University. (2021). Mahusay na Pagbasa: Mga Teksto at Estratehiya. Retrieved April 8, 2026, from https://www.studocu.com/ph/document/visayas-state-university/barayti-at-baryasyon-ng-wika/fil-101-angdownload-lang/66993312
Delos Santos, L. S., et al. (2024). Mga Salik na Aakaaapekto sa Antas ng Pag-unawa Sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Junior High School. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8(3), 130–140.
Department of Education (DepEd). (2022). DepEd Commons: Digital Learning Portal for Inclusive Education. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/cce-deped-references-and-resources/
Edullantes, J.R.T., et al. (2024) Salik na Nakakaapekto sa Pag-unawa sa Binasang Tekstong Filipino ng mga mag-aaral.
Domingo, S. D. C. (2025). Reading Skills and Perceived Challenges Among High School Learners in Carranglan, Nueva Ecija: A Basis for Developing Gender-Based Instructional Materials. International Journal of Advanced and Applied Sciences, 12(6), 56–65. https://doi.org/10.21833/ijaas.2025.06.006
Panaligan, K., et al. (2025). Krisis sa Pagbabasa: Hamon at Pagkakaisa para sa mga

Batang Pilipino. Los Baños Times. https://lbtimes.ph/krisis-sa-pagbabasa-hamon-at-pagkakaisa-para-sa-mga-batang-pilipino

Department of Education. (2024). DepEd Introduces “Catch-Up Fridays” to Enhance Reading Skills Nationwide. Department of Education. https://pia.gov.ph/deped-introduces-catch-up Fridays-to-help-students-with-reading-difficulties

Taganahan, E. T., et al. (2025). PROJECT D.R.E.A.M (Digital Reading Engagement And Achievement Motivation): Pagpapaunlad ng Kasanayang Pag-unawa sa Binasang Teksto ng mga Mag-aaral sa ika-8 Baitang. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11(6). https://doi.org/10.36713/epra22598

Taganahan, E. T., et al. (2025). Pagpapabuti ng Kasanayan sa Pagbasa at Pagkatuto Ng mga Mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa pamamagitan ng PROJECT PARES. EPRA International Journal of Research and Development (IJRD), 10(4), 1–14. https://doi.org/10.36713/epra_nov2025_paresstudy

Chavez, R. C. (2022, July 25). Pag-aangkop sa Pagtuturo ng Pag-unawa sa Pagbasa Sa Virtual Learning. DepEd Nueva Ecija.https://deped-ne.net.ph/2022/07/25/pag-aangkop-sa-pagtuturo-nang-pag-unawa-sa-pagbasa-sa-virtual-learning

Almeida, R., et al. (2023). Reading Strategies and Learner Engagement in Digital Literacy Tasks. Computers & Education, 187, 104595. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2022.104595

Martínez, J., et al. (2023). Text comprehension and Vocabulary Development in L2 Learners: A longitudinal study. System, 113, 102939. https://doi.org/10.1016/j.system.2023.102939

Zhang, Y., et al. (2023). The effect of Text Complexity on Reading Comprehension: Evidence from Bilingual Learners. Journal of Pragmatics, 206, 25–37. https://doi.org/10.1016/j.pragma.2023.01.004

Peeples, T., et al. (2024, July 2). Defining mentoring: Towards Mentoring Constellations. Center for Engaged Learning. https://www. centerforengagedlearning.org/ defining-mentoring -towards-mentoring-constellations

MENTOR: National Mentoring Partnership. (2023). Mentor 2023 Impact Snapshot. https://www.mentoring.org/wp-content/uploads/2024/06/MENTOR-2023-Impact-Report.pdf

Alonso, M. A., et al. (2024). Effectiveness of a *Peer Mentoring* on University Dropout And Academic Performance. Psicología Educativa, 30(1), 29–37. https://doi.org/10.5093/psed2024a5

Le, H.G., et al. (2024). The Benefits of *Peer Mentoring* in Higher Education: Findings from a Systematic Review. Journal of Learning Development in Higher Education, Issue 31. https://doi.org/10.47408/jldhe.vi31.1159

Rincon-Flores, E. G., et al. (2024). Impact of a Mentoring Program on the Seven Dimensions of Students’ Well-being. Educational Process: International Journal, 13(3), 159–176. https://doi.org/10.22521/edupij.2024.133.9

Galvez, B., et al. (2024). GURO AT GABAY: Mentoring and Coaching from the Lens of Selected Public Elementary Teachers. International Journal of Research Studies in Education, 13(5), 113–138. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24038

Cocabo, C. C. (2024). Kapatid Mentor ME (KMME) Program at ang Paglinang ng mga Kultural, Panlipunan, Simbolikal at Emosyonal na Kapital ng mga Mentee sa Lungsod ng Malolos, Bulacan. De La Salle University.

Olaoye, A. O., et al. (2024). Mentoring: An Intervention Strategy to Boost Students' Academic Performance. Journal of Educational Studies Trends and Practice, 5(9). https://ssaapublications.com/index.php/sjestp/article/view/467

Daunicht, T.-M et al. (2025). Analyzing Barriers to Mentee Activity in a School-Based Talent Mentoring Program: A Mixed-Method Study. Education Sciences, 15(2), 162. https://doi.org/10.3390/educsci15020162

Ceballos, M. D. (2025). Epekto ng Kolaboratibong Pag-aaral at Kasanayan sa Wika sa\ Pag- Unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Medyor sa Filipino. International Journal for Multidisciplinary Research, 7(4). https://doi.org/10.36948/ijfmr. 2025.v07i04.48048

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in Society: The Development of Higher Psychological Processes. Harvard University Press.

Leavy, P. (2022). Research design: Quantitative, Qualitative, Mixed Methods, Arts-Based, And Community-Based Participatory Research Approaches (2nd ed.). The Guilford Press.

Department of Education. (2018). Policy Guidelines on the Administration of the Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) (DepEd Order No. 14, s. 2018). Department of Education.

Department of Education (DepEd). (2016). Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Manual. Bureau of Learning Delivery, DepEd.

Marticio, R. B. (2022). Kalagayang Pangkasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa: Batayan sa Pagbuo ng Planong Pagpapaunlad sa Pagbasa.

Caparos, C. C., et al. (2024). PEER UP! (Practice and Enhance through Engaging in Reading using Peer Tutoring): Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Sekondarya. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10(9). https://doi.org/10.36713/epra18256

Astrero, M. K., et al. (2025). Efficacy of Peer-Assisted Reading Program. Journal of Advanced Research in Education.

Alumna, A.A., et al. (2024). Mga Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Pag-unawa sa pagbasa ng mga Mag-aaral sa Junior High School.

Science Direct. (2023). Conceptualizing Mentoring in Higher Education. ScienceDirect. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1747938X23000581

Center for Engaged Learning. (2023). Defining Mentoring: Towards Mentoring Constellations. https://www.centerforengagedlearning.org/defining-mentoring-towards-mentoring-constellations

Mentoring.org. (2023). Mentoring Impact. https://www.mentoring.org/mentoring-impact/ Sta. Catalina National High School Guro, Sta. Catalina, Philippines-"Coaching and Mentoring Practices in School Context: Basis for Enhanced Coaching and Mentoring Program"

MENTOR: The National Mentoring Partnership. (2023). Mentoring Impact 2023. Retrieved from https://www.mentoring.org/mentoring-impact/

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO). (2026).



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09

Literacy: What You Need to Know. Retrieved from https://www.unesco.org/en/literacy/need-know
United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2020). Global education monitoring report 2020: Inclusion and Education – All means all. UNESCO Publishing.  https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000373718
United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO). (2021). Reimagining our futures together: A new social contract for education. UNESCO Publishing. https://unesdoc.unesco.org/
Terrion, J. L., & Leonard, D. (2020). A taxonomy of the characteristics of student peer mentors in higher education. Journal of Educational Research, 113(4), 289–301.
Roscoe, R. D., & Chi, M. T. H. (2020). Understanding tutor learning: Knowledge-building and knowledge-telling in peer tutors' explanations. Educational Psychologist, 55(1), 1–20.
Laal, M., & Ghodsi, S. M. (2021). Benefits of collaborative learning. Procedia – Social and Behavioral Sciences, 31, 486–490.
Topping, K. J. (2021). Peer tutoring: Learning by teaching. Routledge.
Gillies, R. M. (2022). Cooperative learning: Review of research and practice. Australian Journal of Teacher Education, 47(3), 39–54.
Meliton, S. D., et al. (2024). A quantitative study between reading habits and reading comprehension of Grade 11 students. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 8(4), 3048–3056.https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2024.804284



De Borja, M. P., & Pilongo, R. A. (2026). Paggamit ng Peer Mentoring sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang Labing-Isa. The Feurian, 1(1), 371–412. https://doi.org/10.17613/qxw1n-s8q09